



*Tagalog Online Pocketbook*  
The leading source of online pinoy stories

*Love at First Sight*

MICHELLE

# Love at First Spark

*by Michelle Ann Amis*

Unang Pag-Imprenta, 2014

Karapatang Pag-aari © 2008-2014, Tagalog Online Pocketbook

Lahat ng karapatan ay reserbado. Walang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin, sa anumang anyo o paraan ng walang pahintulot sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa amin.

Ang ebook na ito ay obra ng mga manunulat na nagsulat nito. Ang Tagalog Online Pocketbook ay hindi ginarantiya ang kawastuhan ng mga bawat nakasulat dito at hindi tumatanggap ng anumang panagutan para sa anumang resulta ng paggamit nito.

Kung may pagkakahalintulad man sa pangalan, lugar, bagay, pangyayari o anuman sa tunay na buhay ay pahindi ito sinasadya dahil ang mga ito ay pawang kathang isip lamang.

Para sa karagdagang impormasyon, alamin ang mga sumusunod na detalye sa ibaba.

- Website <http://www.tagalogonlinepocketbook.com>
- Email [support@tagalogonlinepocketbook.com](mailto:support@tagalogonlinepocketbook.com)
- Facebook <http://facebook.com/tagalogonlinepocketbook>
- Join Us <http://facebook.com/groups/tagalogonlinepocketbook>
- Like Us <http://facebook.com/topreader>
- Follow Us <http://twitter.com/topocketbook>

## Teaser

Sinasadya at di- sinasadyang napadpad si Shannah sa lugar na kung ituring ng kaniyang Kuya Shem as most dangerous place on earth. Matigas na kung matigas ang kaniyang ulo, hindi siya papipigil.

There she met her sexy and *gorgus* boss. Na- love at first spark siya kay Nykuz. Si Nykuz na walang ibang alam kundi ipamukha sa kaniya na walang totoong love spark sa totoong buhay.

Fine, so be it! Tinanggap niya ang boss- employee relationship nila. Ngunit nang biglang umeksena ang ex- fiancée nito, bigla na lang siya nito kinabig at pinakilalang fiancée nito.

Magpapauto ba siya rito o sasakyan ang pakulo nito? Tatal pabor sa kaniya ang mapalapit dito. Plus, masarap makulong sa bisig nito.

## Chapter One

“I’M here na sa Diwang airport kuya Shem. Promise I will keep my GPS open and I will inform you every step I make.” imporma ni Shannah sa kaniyang nakakatandang kapatid. Hindi pa man bumababa ng eroplanong sinakyan ay panay na ang tawag nito sa kaniya. Napilitan siyang sagutin ang tawag nito habang hinihintay ang kaniyang luggage dahil ayaw niyang magkaroon ito ng hindi magandang isipin tungkol sa kaniya.

She arrived thirty minutes past twelve. Napakainit ng panahon, probably the hottest day of this year’s summer. Or maybe it’s just the effect of the place itself because of its now exaggerated reputation as the most dangerous place in the country.

Dapat ay makakadama rin siya ng takot gaya ng iniisip ng iba tungkol sa lugar. Subalit mas nanaig ang excitement na kaniyang nadarama kesa sa takot. Ito yung makabuluhang thrill na hinahanap niya. Kapag nadiskartehan niya ng maayos, she would be mixing business with pleasure again. Nakagawian na niyang piliin ang trabahong hindi siya mabuburyong sa opisina. Talent niya ang mang- uto kaya madalas nakukuha niya ang kaniyang hinahanap.

Tinanggal niya ang kaniyang floral blazer upang maibsan ang sobrang init. Isinunod niyang itinali ang kaniyang lagpas- balik at maalon- along buhok. Pinaypayan ang sarili gamit ang pamphlet na nakuha sa eroplano.

*Sino ba ang nagpa- uso ng global warming? Mademanda nga!*

“I’m still talking to you Shan,” nakalimutan niyang kausap nga pala niya ang nag- iisang nakakatandang kapatid. “Are you still there?”

Wala doon ang kaniyang atensiyon. “Naman. Akala ko sa Africa lang bumenta ang tag- init. Like super init talaga dito.” Halos magkandalukot- lukot na ang improvised fan na ginawa niya sa sobrang paypay.

“Exactly where are you right now, Shannah? Tell me.” Naiinip na tanong nito sa kaniyang pambabalewala.

*Patay!* Naalala niyang hindi pa nga pala niya opisyal na naipagpaalam ang kaniyang pupuntahan “Im here in... ahm... still in the Philippines?? Medyo remote areas nga lang tong bago kong assignment but I will be fine.” Defensive agad na sagot niya.

Naramdaman niyang naalarma ang kaniyang kuya sa tono ng kaniyang pananalita.

“According to your location, Diwang airport is in Coronda city. The most unfriendly and dangerous place on earth.” Saglit na natigilan ito. “What in the world you are doing in that... that place Shannah Erin Magracia?” bulyaw sa kaniya ng nakakatandang kapatid.

Nakangiwing idinistansiya niya ng konti ang kaniyang phone mula sa kaniyang tenga. Inaasahan na niya na ganito ang magiging reaction nito oras na malaman nito kung saan siya ipapadala bilang investigative researcher. Kaya nga hindi niya sinabi dito ang destinasyon dahil kahit anumang pagpupumilit ang gagawin niya ay malamang hindi siya papayagan nito.

“Nagsawa ka na ba sa kaka- tour around the world at diyan pa sa pinakadelikadong lugar ka pumunta. Hindi ko alam kung anong hangin ang pumasok diyan sa utak mo.” Dagdag pang buwelta nito.

“Siyempre oxygen pa rin, kuya Shem. Comatose ang labas ko kapag lumanghap ako ng iba. Brain damage is usually caused by severe lack of oxygen in the brain.” Pinaseryoso niya ang kaniyang boses kahit gusto niyang matawa sa naisipang sagot.

Parang nakikita niya ang kaniyang kuya Shem sa opisina nito na paroo’t parito habang ang isang kamay ay nakahawak sa sentido. Habit nito ang ganoon kapag napru- frustrate dahil sa kaniyang escapades. Siyempre nagiging habit na rin niya ang pasakitin ang ulo nito kahit hindi niya sinasadya.

“At kuya Shem part din naman ng world ang Coronda ah. Huwag kang maging partial at ituring silang alien. Magagalit sila.” Kinalabit niya ang katabing pasahero na nakasabay kanina. “Di ba?” Sinenyasahan niya itong ‘umoo.’ Halatang naguguluhan ito sa kaniyang sinasabi. Tinakpan niya ang mouthpiece, “sabihin mo ‘oo’ sa kuya ko, ha.” Inilapit niya ang cellphone sa

bibig nito at sinenyasan ito. Agad din naman itong tumalima kahit walang kamalay- malay sa kaniyang pinagsasabi. “Narinig mo ang sabi ng ale kuya Shem.”

“Huwag mo akong idaan sa mga katuwirang- baluktot at pamimilosopo mo Shannah. Mas natuwa pa siguro ako kung sa Neptune ka pumunta at ginawa yang lintek na research na iyan.”

“Ay, hindi natin afford yun kuya Shem kung sakali. Balita ko sobrang gastos daw. Baka mamulubi tayo. Kawawa naman sina Raffy at Daffy. Mangangayayat ang dalawang yun.” ang kambal na anak ng kuya Shem niya ang kaniyang tinutukoy. Aliw na aliw siya sa mga pamangkin dahil puro lusog- busog ang mga katawan.

“I’m warning you Shannah Erin Magracia.” Malakas ang buntong hininga na naririnig niya mula sa kabilang linya. Timping- timpi nito ang galit sa kaniya.

“Kuya Shem, tipid- tipid naman sa pagtawag sa pangalan ko. Baka maubos!” Sapo ang bibig, pa-cute siyang bumungisngis. “Pwede namang Shan na lang para hindi ka mahirapan. O ‘di kaya ay sis, bunso, ganda... mga ganoon.” Gustuhin man niyang kausapin ito ng hindi namimilosopo subalit nahihirapan siya. Ito lang kasi ang nakasanayan paglalambing dito at sabihing huwag mag- alala sa kaniya. Twenty- five years old na siya, coming to twenty- six pero kung ituring siya nito ay parang sixteen lang siya.

Nagi- guilty na nga siya dahil mas madalas siyang problemahin nito kesa sa asawa at mga anak nito. Nang kapuwa mamatay ang kaniyang mga magulang sa isang car accident eleven years ago, inako na ng kaniyang kuya Shem ang pag- aalaga sa kaniya. Tatay, nanay, kapatid, kuya, kamag- anak, kapitbahay, ilan lamang ang mga ito sa naging papel nito sa kaniyang buhay.

“Kung ayaw mo akong mahirapan sa kakaproblema sa iyo, bumalik ka na dito.” May himig ng pagsumamo ang tono nito. Natural ang pagiging ma- awtoridad nito sa paraan ng pagsasalita. Kung kaya batid niyang desperado itong pakiusapan siya na bumalik na ng Manila.

“Cannot be na po dahil limited ang airlines na bumibiyahen dito.” Wala rin siyang balak na sundin ang kahilingan nito.

“Nagka- amnesia ka na ba? We have all the sources. Ipapahanda ko kay Pino ang private plane natin at ako mismo ang dadampot sa iyo diyan.”

“Ay, sosyal na sana dahil you will use our private plane kaso ibinagsak mo naman sa word na ‘dampot,’ ulitin mo kuya Shem. Use the word ‘pick- up.’ Sige na.” susog niya. Dun siya magaling, ang ilayo ang usapan sa dapat na pinag- uusapan. Itinuturing niya itong kakaibang talent. Wala kasi siyang talent when it comes to singing and dancing.

“It’s a phrase not a word.” Nagtitimpi nitong sagot.

“Naku ang taray! Palaban na ang kuya ko. Ang galing- galing naman. Nagmana ka na sa akin. Uhm... I have to go na pala. Here na ang mga luggage namin. Update kita later. Labyu, bye.” She hang up bago pa ito makahirit at seryosohing damputin siya este pick-up-in pala dito sa Coronda.

Hindi pa nga niya nauumpisahan, matatapos agad. Gusto pa naman niyang gawin ang trabahong ito ng mag- isa at patunayan sa sariling nag- mature na siya. *Yeah right!*

She gathered her luggage. Isang medium size na maleta lang iyon. Tamang- tama lamang para sa mga importanteng bagay na gagamitin. Hindi siya dapat makaagaw ng atensiyon. Walang gaanong mamahalin sa kaniyang gamit. Dapat magiging maingat siya sa kaniyang ikinikilos upang hindi siya mapahamak. It would be unwise on her part kung ipangangalandakan niya ang kaniyang tunay na estado sa buhay.

Nagsimula siyang maglakad palabas ng paliparan. May susundo naman sa kaniya, and that means hindi na niya poproblemahing maligaw. She is good in finding and gathering informations but not in directions. World’s geographical map is still a mind- boggling thingy on her part.

Napakainit din sa labas. Isinuot niya ang kaniyang dark sunglasses. Sinuyod niya ang buong kapaligiran. Napakasimple ng istruktura ng buong paliparan. Halos naikot na niya ang bawat magagandang tourist spot around the world, kaya naikukumpara niya ang bawat istilo ng bawat paliparan na napuntahan niya. Sinimulan niyang hagilapin kung saan at kung sino ang kaniyang magiging sundo. Wala siyang ideya kung anong itsura nito dahil last minute ang paabiso sa kaniya.



She expected someone with placards having her name written on it. Wala siyang makita at sa tantiya niya ay siya na lamang ang natitirang pasahero. Nagsimula siyang maiinis.

*Where is he or she?*

Tatlumpung minuto ang nakalipas nang isang jaguar land rover pumarada sa kaniyang harapan. Marahil ito na ang kaniyang sundo. Handa na siyang sabunin ito. Hinayaan siya nitong paghintayin ng matagal. Subalit laking gulat niya ng bumaba ang kaniyang sundo. Malayong-malayo sa kaniyang inaasahan.

“Are you the one from research bureau?” nakakunot- noong tanong sa kaniya ng isang guwapong lalaki.

Aba, kung sa lahat ng pagkakataon ganitong nilalang ang makadaupang palad niya, well, kahit billion years pa ang kaniyang aantayin, maghihintay siya! Pasimpleng tinakpan niya ang kaniyang bibig, bigla kasi siyang napanganga ng di namamalayan.

“**Shit!**” panay ang mura ni Nykuz sa sarili. He’s on the way upang sunduin ang researcher na magtatrabaho sa kaniya. Kung hindi lang sa malaking pakinabang na makukuha dito ay hinding-hindi niya kukunin ang serbisyo nito.

Nabasa na niya ang profile nito. Ayon sa ipinapakita ng impormasyong nakatala dito, may background ito sa pamumuhay sa probinsiya kung kaya hindi siya mahihirapang pakisamahan ito. Alam niyang male- late siya ng pagsundo.

Inalam pa muna kasi niya ang buong detalye sa pagkatao nito. Kung makakatrabaho niya ito ng ilang linggo, makatuwiran lang na dapat alam niya ang tungkol sa background nito at upang hindi ito magiging sagabal sa kaniyang plano.

Nang makarating sa nag- iisang himpilan ng paliparan sa Diwang, hinanap niya ang puntirya. Sa lahat ng mga taong naroon, walang nagma- match sa profile na kaniyang nabasa. Nagkamali nga ba siya? Nangunot ang kaniyang noo.

Sa dulong bahagi ng waiting area ay naagaw ng pansin niya ang isang babaeng nakaupo. Halata sa ekspresyon ng mukha nito na naiinip na ito sa paghihintay ng kung sino. Inalis niya ang pansin dito at muling sinuyod ang paligid. Wala roon ang kaniyang inaasahan.

Imposible naman kung ang babaeng iyon ang investigative researcher na ipinadala ng kumpanya. Natigilan siya. Paano kung ito nga ba? Tanong niya sa sarili.

Pinagmasdan ni Nykuz ang babae sa di kalayuan. Palinga-linga ito at panay ang buntong hininga. Tinantiya niya ang taas nito. Marahil ay wala pang five- two ang height nito. Thin but well proportioned ang body physique nito. Very refined ang kilos nito, which is not typical for this kind of work. He saw stubbornness the way she expresses herself. Napakalaking kalokohan kung ito nga ang magiging makakatrabaho niya.

*How would she handle the jungle? Much more, the danger of the place.* He muttered a curse again.

Ipinarada niya ang dalang sasakyan sa harap nito. "Are you the one from research company?" Walang pasakalye niyang tanong.

Tango lang isinagot nito sa kaniya. Inalis nito ang suot na sunglasses, showing deep- set eyes. Saglit siyang nadistract ng makita ang kulay ng mga mata nito. Honey- browned eyes. Very nice. Her eyes looked sweet and rich kahit hindi mahaba ang pilik-mata nito. Napasadahan niya ng tingin sa malapitan ang kabuuang hitsura nito. Her small turned up nose blends well with her round shape face. Bumagay din dito ang long side swept bangs nito.

She wore minimal make- up. Madalas na nakukuha ang atensiyon niya ng mga babaeng hindi naglalagay ng maraming kolorete sa mukha. He is so much against women who so obsessed with modern way of beautifying oneself that is beyond necessary. Katulad ng ginawa ni... Iwinaksi niya sa isip ang napipintong mapait na alaala.

He turned his attention to the woman in front of her. Napansin niya ang medyo nakabuka nitong labi. There was a dab of sheer gloss on her medium full lips. Ah, seductive and inviting.

"O ano na? Tapos na ang pagkilatis mo sa akin?" namamanghang tanong ng estranghera

sa kaniya. "Nakakatakot iyon ha. Parang daig mo pa ang X- ray machine doon sa customs."

`Ngali- ngaling batukan ni Nykuz ang sarili nang mapagtanto ang ginawa. He was supposed to ask her and not specifically describe her alluring beauty.

"Sinasabi mo ba sa akin na ikaw ang nasa portfolio na ito?" Iwinasiwas niya ang papel na hawak sa harap nito. Paraan na rin niya pagtatakip sa sarili. "It says here, ang susunduin ko ngayon ay si Mauricio Afos, thirty- nine years old, married with two kids. What is this nonsense? Pinagloloako mo ba ako, miss?" malakas ang boses na kompronta niya dito.

"Of course not!" nanlalaki ang mga matang protesta nito. "Kahit hindi ganoon kalakihan ang hinaharap ko, babae pa rin naman akong tingnan kahit saang anggulo mo susuriin." She answered in a 'matter of fact' tone.

Nagulat siya sa paraan nito ng pagsagot. "Then why are you here instead of him?" nagngingitngit niyang tanong.

"Sandali naman mamang ano. Pwede ka namang magtanong na hindi ako pinagagalitan, di ba?" she pouted her lips. "Nakaka- stress ka naman. Hindi pa nga tayo nagkakakilala. Ako nga iyong dapat na magagalit dahil late ka ng dumating. Hindi mo ba alam na natakot na ako na baka walang magsusundo sa akin dito?"

"Natatakot ka? Eh bakit ka pumunta dito?"

"Bakit hindi ba pwedeng pumunta dito? Bawal na ba? Para ka namang kuya ko. Nalaman lang na dito ako pumunta, nagpanic agad. Isa pa, hindi naman ako natatakot like I'm really scared talaga. Yung takot lang dahil baguhan ako sa lugar. First time ko po kasing pumunta sa lugar na ito at hindi ko alam yung 'way in at way out.' Paano ko nga ba ipapaliwanag sa iyo yung takot ko," tumingala ito na para bang matiim na nag- iisip. Nagkamot ito ng ulo. "Shaks! Ang hirap naman. Pwede bang pass muna? Pakilala muna tayo sa isa't- isa, kumbaga, para maging *legal* ang lahat- lahat ng pag- uusapan natin. I'm Shannah Erin Magracia nga pala. You can call me Miss Magracia if you prefer formality. Pero kung ayaw mo namang magka- nosebleed sa kakamiss sa akin, pwede mo naman akong tawaging Shan." She smiled sweetly while extending her hand on him.

It was an effort for Nykuz not to notice that smile. He was caught off guard. Bihirang mangyari ito sa kaniya. Sa sobrang haba ng sinabi nito, parang wala na siyang masabi.

*Buttercup in the meadow.* Bigla niyang naisip ang katagang iyon. Parang ganoon ang babaeng kaharap. Beautiful as it looks, but intoxicating danger lies beneath. He smiled at the thought pero hindi ipinahalata sa kausap. "So where is Marius? He's the one I hired, didn't I?"

Matunog na binagsak nito ang kamay na hindi tinanggap. Nakonsensiya sa kawalan ng manners.

"Naman na. Hindi ka ba tinuruan maging polite ng mga magulang mo noong bata ka pa? Nagpakilala na nga ako sa iyo, dapat na magpakilala ka rin muna."

Ah, this girl really knew how to divert things.

"Alright!" suko siya sa kakulitan nito. It was obvious na sanay itong makuha ang anumang nais nito. Heated confrontation won't help. "Nykuz Lamsen, here." Pakilala niya at nang matapos ang usapan. He doesn't have time for this.

"Nykuz..." parang batang ninanamnam nito ang kaniyang pangalan sa isip nito. Ayaw niyang aminin sa sarili subalit nagustuhan niya ang bigkas nito sa kaniyang pangalan. It was like his name became a melting candy in her mouth. It sounded sweet, actually.

*What was he doing?* Ipinilig niya ang ulo. "Puwede mo na sigurong ipaliwanag sa akin ngayon kung bakit ikaw ang narito instead of Marius. I specifically asked a man to do this job. This is a man's job and not a playground for princesses." Mapuwersa niyang sabi bago pa madagdagan ng kung anu-anong bagay na pinupukaw nito sa kaniya.

"Naman na, I'm not a princess, okey? Kahit hindi ako kalahi ni Adan, kayang- kaya ko naman ang trabahong ito. Promise I will do my best. Please subukan mo muna ang kalidad ko." Pakiusap nito.

"It's not what I'm asking for. I told you, this is a man's job. Mahihirapan kang gawin ang lahat ng gusto ko."

“Hindi mo pa nga nasubukan, negative ka na agad. I can do that.” Agad na depensa nito. At hindi niya inaasahan ang sumunod nitong ginawa. Pinagsalikop nito ang dalawang palad at lubhang pinalamlam ang mata. “Please, please, please.” She begged him desperately na para bang dito nakasalalay ang buhay nito.

Parang gusto niyang mailang at matawa sa inasal nito. “Alright! Alright.” Ano ba ang nangyayari sa kaniya at sumang-ayon sa gusto nito. “And will you please stop that act. You’re a researcher for crying out loud and not a child actress.”

“Yes!” tuwang sigaw nito na parang batang binigyan ng maraming regalo. “Ibig sabihin pumapayag ka na?”

“Since mapilit ka, suit yourself lady! Pero huwag mo akong sisihin sa kung hindi ka magtatagal . You ask for this!”

“*Ye men.* Ako pa. I won’t let you down.!”

“Well let’s see!”

What got into him? Accepting her is like asking for trouble. A real big trouble!

## Chapter Two

“**NEVER** say you have failed until you have reached your last attempt, and never say it's your last attempt until you have succeeded.” post ni Shannah sa kaniyang status sa facebook. Eleven-forty na ng gabi subalit hindi pa siya dinadalaw ng antok.

She was now in a mountain region found in Mindanao province. Kanina, habang

naglalakbay pa lamang sila paakyat ng lugar, hindi niya maitago ang kaniyang pagkamangha. Presko at malamig na simoy ng hangin ang dumadampi sa kaniyang balat. Ang land rover car ni Nykuz ay akma lamang na sasakyan para sa ganoong lugar. Parang paakyat lang sila ng Baguio. Paakyat, pababa at paikot-ikot pa. Kung hindi lang siya sanay sa ganoong uri ng daan, baka bumigay ang kaniyang sikmura. Konkreto ang daan noong nasa high way pa sila ngunit rough road na paakyat ng kanilang pinuntahan.

Inantok siya sa haba ng kanilang biyahe. Para kasing dulo na ng mundo ang kanilang destinasyon. Mangilan- ngilang bahay lang ang kanilang nadadaan. Hindi niya namalayan ang kanilang pagdating. Basta nagising na lang siya na nasa loob siya ng isang magarang kuwarta.

“Sino kaya ang nagbuhat sa akin? Si Nykuz ba?” naisatinig na kausap niya sa sarili. Ano kaya ang feeling habang kalong nito?

She is very much sure na tunay ang very lean muscles nito. Only city people have swooned over fast and artificial muscles. Nanghinayang tuloy siya kung bakit hindi niya naramdaman kung sino ang nagbuhat sa kaniya.

Walang paglagyan ang kaniyang tuwa matapos pumayag ito na gagawin niya ang trabaho. Ito pa mismo ang nagsalansan ng kaniyang bagahe sa dala nitong sasakyan.

*Oh ha!* Saan ka pa makakakita ng ganoong boss sa panahon ngayon. Very rare na sa mga lalaki ang mayroon ganitong ugali. Napa- *wow* nga siya sa ginawa nito kanina.

Ang dami niyang naging first impression kay Nykuz. Una, super guwapo ito sa kaniyang paningin. Katunayan nga ay hindi agad siya nakahuma ng ibalandra nito ang sarili sa mismong harap niya kanina sa airport.

Kahit ang pagkakunot ng noo nito ay hindi nakabawas man lang sa taglay nitong kaguwapuhan. Natatawa pa rin siya nang maaalala kung paano siya nito pinagmasdan mula ulo hanggang paa. Para bang isa siyang alien na naligaw sa planeta nito.

Ayon sa kaniyang mapagkakatiwalaang mga mata, Nykuz is a typical example of a handsome man. Lahat ata ng magagandang adjectives na maisip niya ay bagay na pan- *describe*

dito.

*Tut.* It was her notification tone. Binasa niya ang kaniyang notification. May nag- like sa kaniyang status and at same time ay may nagpadala ng comment, galing kay Sherry.

Itinuturing niya itong matalik na kaibigan dahil naiintindihan nito ang kaniyang sariling mundo. Minsan kasi ay out of this world ang kaniyang naisipang gawin.

“Parang may pinaghugutan lang ah,” basa niya sa komento nito na binuntutan ng maraming smiley icons.

“You won’t believe kung saang parte ng Pilipinas ako ngayon.” Excited na tugon niya sa binuksang private conversation. Hindi niya dapat ibinabalandra sa madlang- earth ang kaniyang latest escapades. “Like I’m in the middle of the jungle you wouldn’t dare to come.”

“Saan naman yan? As if may bago doon.” parang naiimagine niya kung ano ang reaksiyon ng mukha nito sa tuwing ibinabalita niya rito ang kaniyang bagong pinagkakaabalahan. Agad naman niyang ipinamalita ang eksaktong lugar na kinaroroonan. Eksaherado itong sumagot ng ‘huwaat?’ at kung anu- anong pang social networking language.

“And my new found boss is so sexy and *gorgus!*” pang- iinggit niya.

“Ok... spell mo nga siya.” nababasa niya ang excitement ni Sherry sa paraan ng pagtugon nito. Madalas na nakukuha ang attention nito kung lalaki ang pinag- uusapan.

Actually, mas matino itong kausap basta love o lalaki ang topic. Sa sarili nitong mundo, umano ay si Jake Gyllenhall ang nilalaman ng puso nito. Nasisira lang ang umuusbong na magandang pagsasamahan nila dahil sa panggulo ng animo’y ex- bf na si Channing Tatum. Idagdag pa ang patay na patay na si Chris Hemsworth. Sagad nga kung gumana ang imahinasyon nito.

So far, walang ganoon kagulong love twist sa kaniyang sariling mundo. Kontento na siya sa paglalaglag kung saan niya magugustuhan.

“*Syur gurl.* Alam mo naman ang lola mo, hindi madamot pagdating sa ganiyan.” Dali-dali

niyang ibinigay rito ang vital stat na naaalala niya about Nykuz.

He was standing five feet and eleven inches to six feet tall. Magaling siyang magtantiya pagdating sa usaping height. Eh paano kinulang siya. Five feet and two inches lang siya. Kaya nga laging mataas ang kaniyang takong para hindi siya minamaliit ng mga tao. *Dati na ngang maliit. Mamaliitin pa!*. Nakakaasar pakinggan.

Kahit ata iyong diskarte ng buwis- buhay niyang high heel shoes ay di uubra kay Nykuz. Sa taas nito, kailangan pa niyang tingalain. Naman, may kapre din palang pinoy. Although matangkad ito, walang bakas ito ng ibang lahi.

He also possessed a dark, proving eyes, matched with thick lashes. Halos mamatay sa inggit ang kaniyang pilikmata. Pwede bang mag- exchange- gift sila ng lashes?

*Grabe- grabe talaga!* Crooked nose pero bagay naman sa pangahang hugis ng mukha nito. Ayon sa research na nabasa niya sa internet, ang mga lalaking may ganitong uri ng ilong ay usually fearless, malakas ang kumpiyansa sa sarili, manipulative, impossible, and born warrior. *My kind of men.*

“Whew! Face pa lang ‘yun?” palatak ni Sherry matapos niyang ibigay dito ang tulo- laway na itsura ni Nykuz. May tatlong nakakalokang emoticon pa itong inilagay. “Naku po buti hindi ka naglaway.”

“Muntik na! Akalain mo yun. May pagala- gala pang tulad nito sa Pilipinas. And take note, ito ang naghire sa aming company. Ibig sabihin hindi ito basta- basta. *Madatung* siya, te.”

“Ay gusto ko yan, Shan. Dali, give mo contact number niya at ng matrabaho ko agad.”

“Anong gusto, gusto yang pinagsasabi mo. Hindi puwede!” Mabilis na protesta niya.

“Weeee... Bakit may paganyang- ganiyan ka ng nalalaman ha? Bago ‘yun a. Anong hangin na naman ang pumasok diyan sa pihikan mong utak?”

Natawa siya sa reaksiyon nito. “Siyempre nasa kagubatan ako kaya more oxygen here. More food for the brain kaya lalong gumagana.” Pero tama naman ang kaniyang kaibigan. May



katuwiran nga ito. Bago nga sa kaniya ang ganoong ugali. Nagtataka rin siya sa sarili kung bakit ganoon na lang ang pagkaposesive niya sa bagong boss. Hindi naman siya naging ganoon sa ibang guwapong lalaking nakilala niya. Kung tutuusin madami pa nga siyang nakilalang mas higit ang kagandahang lalaki rito.

“Di ba sabi nila sharing is loving and loving is sharing.”

“Tse! Solohin mo yang kasabihan mo.”

“Tse, tse ka rin! Madamot.” Natawa siya sa huling sinabi nito. Marami pa sana siyang sasabihin nang biglang may kumatok.

**Isang** matandang babae ang nabungaran ni Shanniah. May bitbit ito na isang tray ng pagkain.

“Magandang gabi sa iyo, iha. Nakita ko kasing bukas ang ilaw ng silid mo. Baka kako nagugutom ka. Wala ka pa raw kinain mula kaninang tanghali.”

“Nakakahiya naman sa inyo ahm...”

“Tawagin mo akong nanay Lena, iha. Naku huwag mong isipin ang hiya. Hindi maganda sa katawan ang nagpapalipas ng gutom. Isa pa, bisita ka ni seniorito Nykuz. Dapat ka naming alagaan.”

“Ah... eh... hindi po. Nagkakamali ho kayo. Hindi ako bisita ng seniorito niyo. Isa lang po ako sa binabayaran niyang...”

Nanlaki ang mga mata nito. “Isa kang bayarang babae?” Hindi makapaniwala nitong tanong. Kung hindi niya naagapan ay baka nabitiwan na nito ang tray na hawak.

Kuntodo ang iling niya. “Naku, nanay Lena naman! Hindi po!” *Ang sarap kutusan matandang to, nagmana sa amo nitong hindi naturuan ng good manner and right conduct. Ang sarap ibalik sa grade one!* Hindi pa nga siya tapos magsalita, nag- conclude na agad.

“Ang ibig ko pong sabihin isa rin ako sa mga magiging tauhan na babayaran at hindi isang

bisita. Isa po akong investigative researcher. May ginagawa po kasing project proposal ang amo niyo kaya niya hi-ni-r e niya ang kumpanyang pinapasukan ko.” Malumanay na paliwanag niya rito. Baka kasi mamiss- interpret na naman nito ang bawat sasabihin niya.

“Ah ganoon ba. Pagpasensiyahan mo na ako.” Sincere naman ang paghingi nito ng paumanhin.

“Huwag niyo po alalahanin ‘yun. Salamat na rin sa pagkaing inihanda ninyo.”

“Ubusin mo yan, ha. Ang buong akala namin ikaw na ang inuwing *dyi-ep* ni seniorito. Ang ganda mo kasi, iha. Alam mo bang, ang *swit- swit* tingnan kung paano ka niya binuhat papunta sa kuwartong ito? Parang yung sa sinusubaybayan kong drama sa TV.” Parang kinikilig pa itong tumawa.

She instantly like the old woman. Nagsasabi ito ng totoo. Maganda talaga ang lahi nila. “Talaga po nanay Lena?” Namilog ang mga matang turan niya rito.

“Oo. At ang kuwartong ito ay para talaga sa mga espesyal na bisita.” Dagdag na imporma nito.

Parang kiniliti ang kaniyang puso sa sinabi ng matanda. Ibig sabihin may *something* na nararamdaman sa kaniya si Nykuz. Of course, why would he give that special treatment on her. Nae- excite tuoly siya sa *something* na iyon.

“Matulog na kayo nanay Lena.” Napapitlag siya sa biglang pagsalita ng pamilyar na boses sa kaniyang likuran. Namumungay ang matang nilingon niya ang nagsalita. At tama ang kaniyang sapantaha, nakatayo si Nykuz sa may hambla na pinto. Sa taas at laki nito, pwede na ito gawing kurtina ng pinto. Ah, malamang na magiging isang magandang tanawin ito sa umaga kapag nagkataon.

“I hope you’re fine in this room.” Walang sigla nitong sabi habang binigyang daan si nanay Lena upang makalabas. Nagpahabol siya ng pasasalamat sa matanda na tinanguan lang nito.

Naiwan silang dalawa. Bigla siyang natuliro sa presensiya nito. Hindi siya makatingin ng

deretso. It was the first time in her life story na matuliro sa harap ng isang lalaki. This is not good, she thought. Ano ba ang nangyayari sa iyo Shanniah Erin Magracia? He's just a man, sigaw ng kaniyang utak. *He's just a man but he's on fire!* Kanta naman ibang bahagi ng kaniyang utak.

“Nahiya naman ako k-kung hindi pa ito magiging okey.” She's stammering. *At uso din pala sa kaniya ang manghina ang tuhod sa harap ng isang lalaki.* Gusto niyang pagalitan ang sarili sa kakatuwang ikinikilos. At lalong higit na gusto niyang sapakin si Nykuz for possessing all that charm. “Hindi ka na sana nag- abala pa. Sabi ni nanay Lena, para lang daw sa mga espesyal na bisita mo ang kuwartong ito. It's so sweet of you.” Salamat dahil nasabi niya iyon ng hindi garalgal ang tinig.

“Huwag mong bigyan ng kahulugan ang pinagsasabi ni Nanay Lena. Nagkataon lang na under renovation ang ibang silid kung kaya ito muna ipinagamit ko sa iyo.” Walang emosyong sabi nito. “Kumain ka na at matulog. Maaga pa tayo bukas.” Pahabol nito saka mabilis na umalis.

*Yikes!!!* Tinampal niya ang noo matapos isara ang pinto. What was she thinking? Nakakahiya ang inasal niya. Napakaimposible nga naman kung magkakagusto ito sa kaniya sa unang pagkikita. Love at first sight only happens in fairytales and romantic movies. Not in real life for goodness sake! She sighed. *Ma- facebook nga ang katangahang to.*

“Sometimes you need to think a jillion times before you assume that he think the same way... sa madaling salita, 'wag kang padala sa maling akala, te.” She added an emoticon then post her status.

“Nuh ang'nyari?” basa niya agad sa comment ni Sherry. Like her, isa rin ito sa addict magpost ng kung anu- ano sa facebook. Wala silang pakialam sa mga taong nagsasabi na napakababaw daw nila. Na kahit simpleng pagdumi ay kailangan pang i- broadcast.

“Simulan mo na kaya akong itakwil bilang kaibigan.” Reply niya.

“Takot ko lang. Sayang ang benefit ko sa iyo, noh. Friends with benefit kaya tayo.”

“Katawan ko lang pala ang habol mo.”

“Echosera ka, te. Kahit ipa- shoot to kill mo pa yang katawan mo wala akong pakialam. Pera mo lang ang habol ko. Pera. Pera. Peraaa!”

Tawa siya ng tawa sa huling sinabi nito. Siyempre, hindi totoo ang patutsada nito. They were friends since young. May sinabi rin ito sa buhay tulad niya. Yun nga lang, hindi nito afford na gumala kung saan- saan katulad niya. Hindi ito ang tipo na masuwayin sa magulang. Maliban sa kaniya, sa panaginip lang nito kayang sumagot- sagot at mangatwiran.

“Ako na lang ang magtatakwil sa iyo.”

“Binasted ka ba noong poging mama?” hula-hulaan nito.

“Wala pang nagtangkang gumawa sa akin ng ganoon pagkatapos ay nakakaya pang bumangon.”

“Tama. Hindi nga ba’t wala ka pang manliligaw ever since your world began?”

“Andami kaya. Sa ganda ko, kahit crushes mo, nahuhumaling nga sa akin, e.”

“Akala ko ba kape ang number one product ng province na yan. Wala atang epekto sa iyo. Papadalhan kita ng mas matapang para kabahan ka. Gusto mo?” pang- aasar pa nito.

“Alam mo, balak ko sanang suyuin sina Tito Larry at Tita Pat na payagan kang pumunta ng Europe. Tatal naman nandoon ako at sasamahan ka. Kaso naparami ata ang langhap ko ng hanging probinsiya. Biglang tumino ang isipan. Kako mapapabuti ka kung diyan ka lang maglalagi sa poder nila. Mas safe ka kesa magliwaliw kung saan- saan.” Parunggit na sabi niya. Sobra- sobrang afford ng family nito na magtour around the world ito. Ang problema nga lang, over protective ang parents nito gaya ng kaniyang kuya Shem sa kaniya. Ayon, pili lang ang kaibigan at ang lugar na pwede nitong puntahan. Madalas pang may chaperon itong kasama.

“Shan darling, nakalimutan ko bang sabihin sa iyo na wala kang kasing ganda? Mamatay man ako, *peksman!* Titiradurin ko ang poging mama na ‘yan kung dinedma ang beauty mo.” agad na bawi nito.

*Simulan mo na ngayon.*

No pansin nga ang charm niya kay Nykuz. Pero ang nakakamatay na karisma ni Nykuz, super pansin niya.

“Marunong ka bang gumamit nun?”

“Alin, yun tirador?”

“Ay hindi. Akala mo yung tirador?”

“Bitter na agad. Ibig sabihin dinedma ka nga talaga.” May karugtong pang nang- aalaskang tawa ang tugon nito.

Buking siya.

Hindi na siya nagtangkang magreply. Katakot- takot na pang- aasar pa ang mapupulot niya rito. Ibinuhos na lang niya ang atensiyon sa pag- ubos sa pagkaing inihain sa kaniya.

### Chapter Three

**SAPILITANG** bumangon si Shannah mula sa patihayang pagtulog. Umaga na at batid niya na kailangang gisingin ang natutulog niyang diwa. Kailangan niyang galingan ang performance ngayong araw nang sa ganoon ay ma- impress sa kaniya si Nykuz. Tumingin siya sa alarm clock na nakapuwesto sa mesang hindi kalayuan sa kanyang kama. Alas-siyete pa lang pala ng umaga.

Napasimangot siya. *Nakakatamad pa talaga!* “Hahaay...” hikab niya sabay inat ng kanyang katawan. Paboritong rutin niya ang paghihikab sa umaga. Ito ang paraan niya ng pagtatanggal ng negative energy sa katawan. Bigay na bigay niyang ibinuka ang bibig. Tiyempo

naman na iyon ang eksenang naabutan ni Nykuz.

“Aba, mabuti naman at naisipan mo pang bumangon. Sa palagay mo ano ang matatapos natin kung ganitong tanghali ka na kung gumising.” Parang manlalapa ng taong bungad nito sa kaniya.

Sumama ang kaniyang timpla. All the negative energy was still inside her. Ang totoo, early morning is not her favorite part of the day to work or to socialize for the matter. Tulog pa rin ang kasi kaniyang sense of communication and sense of humor sa mga oras na tulad nito. May sarili siyang time zone ng pagtulog at paggising. Three to eleven in the morning ang normal sleeping hours niya. The rest of the remaining time is for her to do anything under the sun that suits her.

“Good morning to you too!” sarkastiko at paasik niyang tugon. “Don’t you know how to knock? Ibabalik na talaga kita sa grade one!” Padarag na bumangon siya. This is not a good way to start a day, ngitngit ng kalooban niya. Sinimulan niyang ayusin ang kaniyang higaan. Natutuhan niya itong gawin noong magkolehiyo siya. Living independently taught her a lot.

Hindi nagkulang ang kaniyang kuya Shem sa pagbibigay sa kaniya ng kaniyang material support, plus her untouch share sa kanilang family business. Siguro kung inungot niya na bigyan siya nito ng personal assistant while studying, hindi ito magdadalawang isip. But, as most socialites would say: it is not her cup of tea.

In her point of view, she is neither spoiled nor rebellious type. Sa katulad niyang ipinanganak na may ginto sa bibig, napakapredictable ng magiging takbo ng pag-uugali. Kung hindi mayabang magiging pariwara. Siya malabo. Hindi niya ipinangangalandakan ang estado ng kaniyang buhay pero gusto niya ang comfort na nabibigay ng salapi sa kaniya. Ang mapariwara naman ay hindi niya napiling landas. Iba lang siguro ang paraan niya ng paglabas ng angst sa buhay.

Sa point of view ng mga taong nakapalibot sa kaniya, sawa na raw siya sa kaniyang buhay kaya kung anu- ano na lamang ang ginagawa. In short, walang patutunguhan ang kaniyang buhay.

Para sa kaniyang kuya Shem, isa siyang frustrated rebellious. For her close friends, she’s

just simply a friend who they could trust on. Or to put it simply, she is a normal person in an abnormal world.

“And exactly what you are doing?” untag ni Nykuz.

Imbes na sagutin ay masamang tingin ang ipinukol niya rito. Parang hindi naman nito nakuha ang ibig sabihin ng tinging iyon. Bagkus ay nameywang pa ito at gumanti rin ng nakakapangilabot na tingin. Hindi na siya nakatiis.

“Bakit ba, ha? Hindi porke ikaw ang amo ay gaganiyan- ganiyanin mo na ako.” Naiinis na sabi niya.

Natahimik ito na para bang hindi makapaniwala sa narinig. Tila dini- decipher nito ang kaniyang sinabi. Well, you heard it right, buddy! Gusto niyang ipagsigawan dito.

“Sinasabi mo ba na minamaltrato kita as an employer?”

“Sa palagay mo ba’y hindi?”

“Of course not!” mariing protesta nito.

*Of course not-in mong face mo!* “You barge in this room and yelling like I did some criminal offense. Ano sa palagay mo ang tawag doon sa ginawa mo?”

“As an employer, may karapatan naman siguro akong pagalitan ang empleyado ko kung hindi siya dumating sa nakatakandang oras na itinakda ko sa pagtatrabaho niya.”

*Nyenyee...* She just blabbered it to herself. Parang wala siyang narinig mula rito. Ipinagpatuloy na lang niya ang ginagawa. Mauubos ang oras niya sa pakikipagkompronta dito.

“What are you doing?” tanong nito.

“Ano sa tingin mo?” balik- tanong niya rito. “Inaayos ko po ang hinihigaan ko, Sir. Ayaw ko naman maparatangang ahas na basta lang iniwan ang kaniyang pinagbihisan.”

“That’s exactly my point. Masyado nang nasayang oras ko sa kahihintay sa iyo. Tanghali

ka na kung gumising, kung anu-ano pa ang inuuna mong gawin.”

“What’s going on here?”

Sabay pa silang napalingon ni Nykuz sa biglaang pagsulpot ng isang batang babae. Naglalaro sa pito hanggang siyam ang tantiya niyang edad nito. Naka- pink pajama ito. Mataman silang pinagmamasdan ni Nykuz na animoy naguguluhan kung bakit sila nagsisigawan.

“I heard your voices downstairs.” Imporma nito sa kanila. Napansin niyang inglisera din ito. Who would have guest na ang mga tao sa lugar na kaniyang pinuntahan ay puro English speaking. Nasa kabundukan siya ng Pilipinas pero pakiramdam niya nasa Amerika siya.

“Ako rin, narinig ko rin ang ingay ninyo.” Singit naman ng isang ginang, may pagkahawig ang itsura nito sa batang babae. “Ikaw nga ba iyong babaeng binuhat ni Nykuz kagabi?” may kislap sa matang tanong nito.

Namula siya sa tinuran nito. Sa dami naman ng paraan na pwedeng alamin kung sino siya, iyong pagbuhat pa Nykuz sa kaniya ang napili nito. Atubili siyang nagpakilala dito. Napag- alaman niyang ina pala ito ni Nykuz at ang batang babae ay bunsong kapatid nito, si Nyquole. Agad niya itong nakapalagayang loob sa paraan nito ng pagtanggap sa kaniya.

“Bakit nga pala kayo nagbabangayan, que aga- aga pa? Ikaw naman Nykuz, hindi mo ba alam na ayaw na ayaw naming mga babae na nakikita kami ng mga lalaki na hindi pa nagsusuklay sa umaga.” Nagagalit- galitan nitong turan sa anak na para bang wala siya sa harap ng mga ito. “Nakakahiya kay Shannah kung ganitong uri ng pagtrato ang madadatnan niya. Binulahaw mo siya ng ganito kaaga. Dapat ay nagpapahinga pa siya.”

Correct mother! Sang- ayon niya, subalit sinarili lang iyon.

Nagkamot ng ulo si Nykuz. Makikita sa asal nito na may matindi itong paggalang sa ina. “Ma, magtatrabaho si Shannah dito at hindi upang magbakasyon.”

“Que horror hijo!” shocked nitong sabi. “Kahit ano pa ang dahilan ng pagpunta niya rito, hindi mo siya dapat pagtaasan ng ganoong boses.”



“Ma, mahigit dalawang oras ko siyang hinintay dahil may usapan kami.” Mahinahon nitong paliwanag sa ina.

Humarap sa kaniya ang ginang, may kakaibang kislap siyang nababasa sa mga mata nito. “Iyon naman pala hija, may date naman pala kayo nitong si Nykuz, hindi maganda na pinaghihintay ang mga lalaki.”

“Po?!” gulat niyang reaksiyon sa sinabi nito. Tama ba ang kaniyang naririnig?

“Ma, naman!” mabilis na reklamo ni Nykuz.

“O, e di ba kasasabi mo lang na may usapan kayo nitong si Shannah?” patay- malisya nitong katuwiran.

“May usapan pero sa trabaho, hindi iyon isang date.” Halatang pilit na pinahihinahon nito ang boses.

“Date pa rin ang tawag dun. Que sa trabaho o hindi, date ang tawag kapag may napagkasunduang pag- uusapan ang dalawa o higit pang individual. Kaya nga may family date, group date, work date, friendly date, etcetera. Kahit nga ang isang tao pwede makipagdate sa kaniyang sarili, sa kaniyang alagang pusa, sa kaniyang halaman, sa kaniyang...”

“Alright, ‘Ma! I get your point.” Nailing na wika ni Nykuz.

“Sabi ko kasi sa iyo, e. Mas marunong ka pa sa nanay mong matalino. Sige na Shannah, maghanda ka na para sa date ninyo nitong si Nykuz. Kanina pa yan naiinip sa iyo. Magpaganda ka ng husto, ha.” Inakay na nito si Niqoule palabas ng kuwarto at may kindat pang pahabol sa kaniya.

Wow! Mukhang may balak itong maging matchmaker. Tiningnan niya si Nykuz. Napaka-fresh ng dating nito sa simpleng kupasing pang- itaas nito at sa maong pants nito. *Ay! Que guapo naman!* Ang saya dahil inirereto siya ng ina nito sa kaniya.

“Life is good!” buwelta niya bago pumunta ng banyo upang maligo. Iniwang niyang naguguluhan si Nykuz.

**Isang** malakas na tapik ang nagpagising kay Shannah. Muli kasi siyang naidlip sa biyahe. Napapagod nga siya sa kakatingin sa labas. Si Nykuz naman ay prente lang na nagmamaneho na para bang wala itong balak kausapin siya.

“We’re here,” deklara ni Nykuz.

Isang madilim na kagubatan ang bumati sa kaniyang ulirat. Napakadilim at tanging ang ilaw na mula sa sumisilip na sinag ng araw ang nagsisilbing liwanag. Bigla siyang nahintakutan.

“Nasaan na tayo? Anong ginagawa natin dito? Pluto na ba to?” eksaheradong tanong niya.

Ang totoo, nababalot na siya ng sobrang takot. Iginala niya ang paningin sa paligid. Mayamaya ay nakarinig siya ng kakaibang huni ng hindi niya mawari na hayop. Hindi niya namalayan na bigla siyang napakapit kay Nykuz.

“Ang sabi mo magtatrabaho tayo.” Muli niyang iginala ang mga mata. “Saan?” Nakakpangilabot ang itsura ng kagubatan na kaniyang nakikita. Sobrang taas ng mga naglalakihang puno. Ang yayabong at maging ang sikat ng araw ay natatabunan nito. Nagsalasalabid din ang naglalakihang baging nito, masukal na para bang hindi pa napapasok na gubat.

“It’s right here.” Sagot ng kausap subalit nahihimigan niya na gusto ng matawa nito sa takot na ipinapakita niya.

Parang gusto niya itong batuhin ng hawak niyang flashlight. “Right here, where? Sa nakikita ko, we are in the middle of nowhere. Like in the jungle with no houses at all.”

“Exactly.”

“At anong ginagawa natin sa kagubatang ito?”

“Magde- date,” Nykuz said sarcastically.

“What? Are you kidding me?” naniningkit ang mga matang tanong niya. Dahil lang sa

pagsakay niya sa biro ng ina nito kaya siya nito ginaganito.

“Absolutely not! Nagpumilit kang magtrabaho sa akin kaya huwag kang magreklamo na para bang hindi kita binalaan.”

“Malay ko bang sa jungle ni Tarzan itong pagdadalhan mo sa akin.” Nagmamaktol niyang turan at sinundan ng lakad ang direksiyong tinutumbok ni Nykuz.

Sa kaniyang pagkagulat, bigla itong tumawa. Tawa na bang ngayon lang nito ginawa sa tanang buhay nito. Hindi niya alam kung maasar o matuwa siya sa ginawa nito. Ang sarap kasing pakinggan ng tawa nito. She couldn't help but admire his laugh. Astig at lalaking- lalaki ang dating.

“Pwede bang paki- share kung ano ang nakakatawa? Mabagal kasi ang pick- up ko, hindi ko alam kung anong nakakatawa.”

“Hindi ko nga rin alam kung bakit bigla na lang akong natatawa sa tuwing nagsasalita ka.”

“*Sinasamtays* ka na naman, ano? Ginawa mo pa akong stand up comedian. Sumasakit ang bangs ko sa'yo.” Kandahaba ang ngusong sagot niya.

“Huh?! May pakiramdam na rin ba ang bangs sa ngayon?”

“Ewan ko sa sa'yo. Bakit hindi mo subukang itanong sa sarili mo? Bagay ka ngang tumira sa bundok na ito. Try mo kaya i- update yang sense of humor at nang hindi ka mapag- iwanan.”

Nykuz chuckled even more at her remark. “Pwede bang magtanong?” walang anu- anong tanong nito.

“Ay hindi,” sarcastic niyang tugon. “Of course pwedeng- pwede kang magtanong. Accomodating at approachable naman akong tao.” Naku, kung hindi ko ako naduling sa kapogian mo kahapon, baka umuwi na lang ako ng Manila.

“Saan mo ba natutunan ang ganoong uri ng pananalita?”

Iyon lang ba nag itatanong nito? Akala naman niya kung anu na ang itatanong nito, kung single at available pa ba siya o kung may nanliligaw na sa kaniya. “Natural charm ko iyon at 'yung

iba, sa kakabasa at kakapanood ko ng nakakatawang movie. Hindi ka ba mahilig manood?” unkat niya rito. Para maiba naman ang pag- uusapan. Diskarte niya rin iyon para malaman ang likes and dislikes nito.

Bahagyang nawala ang takot na kanina lang ay namayani sa kaniya. Ang presensiya at pakikipag- usap ni Nykuz sa kaniya na para bang matagal na silang magkakilala ang nagsilbing distraction niya.

“Wala akong panahon sa mga ganyan. Pero kung may pagkakataon man, siguro mga sci-fi movies ang panonoorin ko. Wait,” marahang kumunot ang noo nito na animoy may naaalala. “Akala ko ba ang hilig ninyong mga babae ay puro drama?”

“Nah, hindi patok iyon sa akin at sa mga circle of friends ko. Napakadramatic na nga ng buhay namin, dadagdagan pa ng buwelta ng iyak. Nakakadagdag ng stress ‘yun. Mas gugustuhin ko pang manood ng cartoons sa maghapon kesa balibagin ang puso ko sa drama.” Hindi niya intensiyon subalit bigla na lamang siya nakadama ng kalungkutan.

“Sorry!”

“For what?”

“Mukha yatang may napaaalaala ako sa’yo sa takbo ng usapan natin.”

“Hindi naman. Nasagi lang sa isipan ko ang mga parents ko. Paminsan- minsan, kapag drama ang pag- uusapan, sila agad ang pumapasok sa isip ko.”

“What happened to them?” Nasa tono nito ang simpatiya.

Hindi siya nakasagot agad. Pinagmasdan niya si Nykuz. Parang iba tao ito. Kanina lang nagbabangayan sila tapos ngayon nagbibigayan ng simpatiya. Isn’t it something? O, talagang pareho silang may sapi.

“Sorry again! I don’t mean to pry.” Hinging paumanhin nito. Na- misunderstood nito ang pananahimik niya.

“Yay, ano ba to. Sorry ka ng sorry. Sabi ko nga di ba ayoko ng drama. Lalo na ngayon. Mula ng maulila ako sa magulang, madalas akong nalulungkot. Pero naiisip ko rin niya na hindi nila kagustuhan ang iwan kaming magkapatid, kaya bilang respeto sa alaalang iniwan nila, nangako akong hinding- hindi magpapadala sa anumang kalungkutang dulot ng buhay. Kahit gaano kahirap, pagsisikapan kong magiging masaya. Kaya no more silly sad stories.”

Wala siyang narinig na komento sa kausap. Mabuti na lang dahil ayaw na niyang unghatin pa ang nakaraan.

“You know what, I like you.” Maya- maya ay sabi ni Nykuz sa kaniya.

All out alert naman ang kaniyang five senses. Tama ba ang kaniyang naamoy este narinig pala? Nykuz like her. Did he really voice it out?

Agad rumehistro ang sagot sa kaniyang utak. Napangiti siya. *Shaks!* Sinasabi na nga ba niya na talagang malakas ang kaniyang karisma at walang lahi ni Saddam Hussein ang pwedeng dumedma sa kaniya.

## Chapter Four

“**YOU** did say that...” parang nanaginip na usal ni Shannah sa kaniya.

Nakadama siya ng katulad na kalungkutan para dito. Pareho pala sila ng napagdaanan. He lost a loving father when he was young. Ang pagkakaiba lang nila, nariyan pa ang kaniyang ina. Napunan nito ang pangungulila sa isang ama.

“That I like you?” pasimpleng ulit ni Nykuz sa sinabi. “Yes. Gusto kita. I admire the way you talk, the way you handle me, yourself and my family. You made simple conversation into an interesting one. Kahit ang ngiti mo nagustuhan ko.” Tinantiya niya ang magiging reaksiyon nito sa kaniyang sinabi.

“I like you din,” parang nahihiyang pagtatapat din nito. Makikita sa mga mata nito ang tuwa. Shannah beamed at him like she love the idea of being them together. Kulang na lang ay

magtatalon ito sa tuwa ng marinig ang kaniyang sinabi. Oops! Can not be.

“But we can’t be together like the way you’re thinking right now!” mariing sabi niya.

“W-why not?” Parang bata ito na binawian ng pinakahihintay nitong regalo.

“Dahil magkaiba tayo ng mundong ginagalawan.”

“Huwaat?!” Pahisteryang tugon nito sa kaniyang sinabi. “Alam nating pareho na isa kang Homo sapien at ganoon din ako. Homo sapiens live on earth. Hindi magkaiba iyon. Not unless you’re an alien at napadpad lang sa earth at kaya kailangan mo ng tulong ko ay dahil nawawala ang transmitter ng spaceship niyo at hindi mo magawang makipag- communicate sa planeta ninyo.”

*Argh! This woman!* Nakalimutan niyang hindi nga pala madaling kausap si Shannah.  
“Seryoso ako Shan.”

“Ser...”

“Stop it Shannah.” Putol agad niya sa sasabihin nito. Nakita niya kung paano biglang humaba at kumipot ang labi nito tanda na mariin itong magpoprotesta anuman ang kaniyang sasabihin. “I hired your company for the purpose of sorting out this curiosity of mine regarding some exotic seeds. Kaya lalaki ang gusto kong makatrabaho dahil ayaw ko ng komplikasyon.”

“You were saying that I’ll be your other woman in case that we extend our relationship beyond business boundaries?” kapagdaka’y nangungunot ang noong tanong nito.

“What other woman you’re talking about?” Naguguluhan talaga ang utak niya tuwing magsasalita si Shannah.

“Sabi mo kasi magiging komplikado ang buhay mo. According sa stat ng agency namin, fifty percent ng mga lalaking nagsasabi ng ‘ayaw ng komplikasyon sa buhay’ ay may current relationship at ayaw nilang may others na panggulo ng kanilang relasyon. Twenty percent naman ang nagsabing okey lang ang komplikasyon so long na hindi sila mabubuking. The other fifteen says that complication is fun. The other fifteen naman ay magulo ang utak dahil magulo ang

sagot. Kabilang ka doon sa last fifteen percent. In short, magulo kang kausap Nykuz.” Mahaba at magulong paliwanag nito.

“Sa lagay ay ako pa ang magulo.” Natatawang turan niya sa haba ng paliwanag ni Shannah. “All I’m saying is that I like your act. Don’t get me wrong,” agad niyang depensa nang makita ang pagbabadya ng ekspresyon sa mukha nito. She’s actually cute doing that, puna ng kaniyang utak. “I mean your act, like the way you bear yourself. It is so unusual to find a girl... I mean a lady who loudly expresses herself without losing her finesse.”

“Ahh... parang palenkerang sosyal, ganoon ba?” tanong nito na walang sarkasmo sa tinig. It’s a good thing na naintindihan na nito ang kaniyang paliwanag.

“I don’t know how you called that thing. At least nagkaintindihan tayo doon. Anyway, let’s get to work at baka gagabihin tayo.” Nagpatiuna na siya sa paglalakad.

“Sa lagay ay nangangamba ka pang gabihin tayo sa madilim na lugar na to?” mahina lang ang pagkabanggit ni Shan ngunit abot iyon sa kaniyang pandinig. Ika nga, “Though spoken in whisper but meant to be heard.” Natatawa at napailing na lamang siya.

“**What** exactly are we looking for?” buwelta ni Shannah kay Nykuz. Hindi na siya nakatiis. Kanina pa sila halukay ng halukay sa gabundok na tuyong damo ngunit pulos itim na buto or bato lang ang iniipon nila. Clueless siya kahit sa pinagkukuha niya. Basta kinukuha niya ang kamukha ng mga bato na kinukuha ni Nykuz. May tatlong araw na nila itong ginagawa. Kinailangan pa niyang gumising ng pagka- aga- aga para lamang sa ganitong rutin.

Seryoso lang ang mukha ni Nykuz habang hinahawan nito ang mga nabubulok na damo gamit ang malaking kalaykay na dala nila. Halatang sanay ito sa manual labor dahil batak na batak ang katawan nito sa ganitong uri ng trabaho. Hindi man lamang nangalay ang balikat nito sa ilang oras nitong paghahawan. Siya nga na halos namumulot lang ay sumasakit na ang beywang at likod sa kakayuko.

Tsk tsk tsk. *Tingnan mo ang isang to. Ang layo na ng nilakbay ng imagination ko, wala pa*

*rin ata akong balak kausapin.* Hindi ba nito alam na ang toothpaste na gamit niya ay pang- eight hours lang ang proteksiyon na kayang ibigay. Napatingin siya sa kaniyang wrist watch. Time check: ten- fifteen in the morning. Four *ayem* sila gumising. Five gumayak at kumain. *Hindi ko na kaya to, mapapanis na ang laway ko!*

“Know what? Hindi naman sana ganito ka- boring ang pamumulot kung kausapin mo ako. Tapos sasabihin mo sa akin kung bakit natin ito ginagawa o kung ano talaga ang dapat na populutin. Specific instructions kumbaga.” Patuloy na pangungulit niya kahit mukhang walang balak itong kausapin siya. Napahikab siya ng di- oras. Wari namang hindi napansin ni Nykuz ang kaniyang ginagawa kung kaya itinodo na lamang niya. Sinundan pa niya ito ng super stretching upang mawala ang negative energy.

“Are you that sleepyhead?” biglang untag ni Nykuz ngunit hindi naman siya nilingon.

“Galing nun, ah. Naka- concentrate ka sa iyong ginagawa subalit aware ka pa rin sa ginagawa ko.”

Saglit na tumigil ito sa ginagawa at nilingon siya. Mabuti naman dahil likod lang nito ang napagpipiyestahan niya magmula pa kanina. Agad na kasi niyang namimiss ang bawat galaw ng mukha nito. *Whew!* Ganoon agad ang epekto nito sa kaniya.

“Sa lakas ng hikab mo, kahit si superman doon sa Kronos naririnig ka.”

“E, may super powers naman yun kaya natural na naririnig iyon. Uy ha, nagdyo- joke ka na rin ngayon ha. Nakikiuso ka na rin? Pero kulang pa rin. Konting polish pa at pwede ka ng isalang.” Gusto pa sanang niyang tapik- tapikin ito ngunit madumi ang kaniyang kamay. “Anyway, tungkol sa tanong mo, I’m not that usually sleepy. Sa trabaho ko kailangan ng puyatan kaya lang naiibsan iyon dahil may mga distractions. Dito wala namang distraction maliban sa iyo tapos ayaw mo pa akong kausapin. Nagtooth brush naman ako kanina kahit sobrang pinagmadali mo ako. Oo, alam ko na makulit ako kung minsan...”

“Really?” Sabad nito. “Sigurado ka na minsan lang?”

Tumaas- baba ang kaniyang kilay. “Alright, sabihin na nating hindi miminsan na makulit



ako, pero maano bang sagutin mo rin ako paminsan- minsan. Karapatan ko iyon. 'Di ba I'm your employee? Kaya dapat lang na alamin ko iyong job description ko. Like gagawin mo ba akong kargador, taga- aliw, tagapulot ng hindi ko alam... mga ganoon. Magaling naman akong magdecipher ng mga bagay- bagay kaya hindi ko kailangan ng mahabang explanations... mga ganoon."

Nalukot ang guwapong mukha ng kausap. Kelan ba ito papangit?

"Didn't Marius told you the specifics?" naghihinalang tanong nito.

"Ah... eh..." wala nga pala silang malinaw na pag- uusap ni Marius tungkol sa assignment na ito. Ang alam lang niya ay isa itong exciting at very confidential project. Siya lang ang nagpumilit. Kahit atubili ay ibinigay na rin sa kaniya ang assignment dahil may gusto itong pagtuunan na trabaho na magbibigay dito ng promotion. Sa kaniya dapat iyon subalit hindi siya atat magkaroon ng mataas na posisyon sa kanilang ahensiya. Agad kasi siyang nasilaw sa naturang trabaho kung kaya nakalimutan niyang tanungin ang buong detalye.

"Tell me how exactly you landed this job Shannah?" nang- aarok nitong tanong.

Bangenge siya. Wala siyang alam na isagot. Nakita niyang napahilot sa sentido si Nykuz. Malamang na nahulaan na nito kung paano napunta sa kaniya ang naturang assignment.

"You accepted this job without knowing the details?" hindi makapaniwala nitong sumbat-tanong nito. "What if I'm not the decent kind of an employer? Do you know how much risk you put in your life?"

"Naisip ko rin naman iyon. Pero..." guilty siya sa akusa nito.

"Kelan? Ngayon mo lang naisip?" malakas ang boses na tanong nito. Nagbabadya rin ng katakot- takot na talim ang mga mata nito.

"Wait..." nag-peace sign muna siya. "Cool yun ha. Huwag naman ganiyan. Dapat concern lang. Hindi mo na kailangan pang sumigaw. Kahit parang sintigas ng semento tong ulo ko, madali namang pagsabihan." Kinatok niya ng bahagya ang kaniyang ulo. "O, gusto mo patunayan? Sige

subukan mo.” Pasimple niyang in- offer ang kaniyang ulo. Alisto rin ang kaniyang depensa dahil baka nga tutuluyan talaga siya nito. Nang makita na seryoso pa rin ito at hindi man lang natawa sa kaniyang overrated na pakulo, sinubukan niyang magmukhang seryososo sa pananalita. “Oo, alam kong risky ang ganitong set- up. Pero ang mahalaga you turned out to be the best and most,” matamang siyang nag- isip ng magandang salita na mag- aalis ng init ng ulo nito. “...handsome and generous employer anyone could ask for.”

Pinanalangin niya sa kaniyang isip na sana madala ito ng kaniyang mabolandas na pambobola. Mukhang epektib naman dahil medyo bumalik na ng curve ng kanikanina lang ay pumantay nitong kilay. Dapat segundahan na niya ng sasabihin upang hindi na magbago ang isip nito. Kumbaga ‘strike the iron while it is still hot. “And since nandito na rin lang tayo, ituloy na natin ang ating ginagawa. Explain to me all the specifics. Isa akong researcher at hindi isang manghuhula. Kaya...”

“Marcus knew all the specifics.” Sabad naman nito.

“Alam na nating pareho yan. Gasgas na yan, e. Wala na si Marcus para magtrabaho sa iyo. Ako ang nandirito. Ngayon, ipapaliwanag mo na ba ang lahat ng mga bagay- bagay o kailangan pa nating habaan ang eksenang ito? O pwede ring mag- iba na lang ako ng propesyon at hulaan ang lahat. Which is which? Take your pick and make my day.”

“Do you always speak that way?”

“Naman na, redundant ka na Nykuz.Hahaba nga talaga ang eksenang ito.” Kunyari ay nabo- bore niyang sabi.

“You really are impossible woman.” Obvious na naubusan na ito ng ikakatuwiran sa kaniya. Gusto sana niyang i- suggest na manood ito ng comedy bar show nang sa ganoon ay alam nito kung paano patulan ang isang tulad niya. Pero ayos lang. Pabor sa kaniya ang lahat. Kaya niyang lusut- lusotan ang mga bagay- bagay. Kung tutuusin pwede na siyang paliparin ni Nykuz pabalik ng Manila dahil sa kaniyang katabilan at irregularities pagdating sa work standard.

“Magpaliwa...” *What the heck.* May kung anong malamig na malambot na gumagalaw sa

kaniyang bumbunan. She froze. Isang bagay na kinakatakutan niya ay ang mga hayop at insektong gumagapang. Patuloy pa rin ang komosyon ng kung anong nilalang sa kaniyang ulo. Dama niya na pababa na ito sa kaniyang batok.

*This is killing me!* Makaramdam naman sana ang kaniyang kausap kung bakit siya biglang natigilan.

Nykuz is just standing there watching her with that weird expression on his face.

Pababa na sa kaniyang likod. Waring naghahanap ito ng malulusutan. *Not on my shirt, please!* Piping hiling niya.

Wish not granted. Maingat itong pumasok sa kaniyang printed shirt. Talagang- talaga naman.

“Aaaahhh...” she shouted. Tumakbong talon siya papunta kay Nykuz. “Get it off me. Get it off me. Please. Please. Please. It’s killing me.” Maiihi na ata siya sa takot.

Naalarma si Nykuz sa kaniyang iginawi. “Ano bang nangyari?”

“Sa... sa likod ko. Something is crawling. Please, get it off me.” Naluluhang pakiusap niya. Mabilis na tumalima si Nykuz at sinugod ang kaniyang likod. She’s wearing a loose shirt kaya madali nitong naiangat ang kaniyang damit.

Couple of seconds pass ngunit wala pa rin siyang narinig na reaksiyon mula rito. She’s dying to know kung natanggal na ba nito ang insekto na nag- invade sa privacy ng kaniyang flawless back.

“Is it gone?” nanginginig na tanong niya.

Wala pa ring reaksiyon. Napilitan siyang lingunin si Nykuz. Halos ipadyak niya ang kaniyang mga paa nang makita kung ano ang ginagawa nito. Sinisipat- sipat nito ang butiking gubat na nanggaling sa kaniyang likuran. Magkahalong amused at pinipigilang tawa ang itsura nito.

Kung sa pelikula lamang ang kanilang situwasyon, malamang na matatawa siya dahil sobrang gasgas na ng ganoong eksena. Pero ibang- iba pala sa tunay na buhay. Nakakainis at nakakainit ng ulo kung sa iyo mangyayari ang ganoon.

“At nakuha mo pang tumawa sa kalagayang sinapit ko?!” impit na sigaw niya sa lalaki.

“No, not really. You’re exaggerated reaction made me laugh. It is as if you will die in things like this.” Pabalewalang sagot nito na halos parang bulkang sumabog naman sa kaniyang pandinig.

“Ah ganoon?” Naniningkit ang mga matang sinugod niya ang nabiglang si Nykuz.

Tadyak at umog sana ang balak niyang gawin subalit agad na nahulaan ni Nykuz ang kaniyang gagawin kung kaya nahawakan nito ang kaniyang kamay. Sa ginawa nito ay nawalan siya ng balanse.

“Hey, watchout!” Naging alisto naman si Nykuz. Bago pa man siya tuluyang mapabagsak ng padausdos ay nasalo siya nito. Hindi ito handa sa kaniyang bigat. Ang nangyari, sabay silang napabagsak sa madahong lupa.

Hindi niya ramdam ang lupit ng pagkabagsak dahil ang matipunong katawan mismo ni Nykuz ang naging air bag niya. Nykuz on the other got all their weight.

“Sh... ahhh..!” Dinig niya ang mahinang ungol nito.

Nag- aalala siya sa malamang pinsala na dulot ng pagkadagan niya. Mabilis siyang kumilos upang maalis ang sarili mula sa pagkadagan dito.

Marahil ay pareho sila ng iniisip ni Nykuz dahil kumilos din ito upang tumayo. At gaya nga ng binabanggit ni Newton sa kaniyang Third Law of motion: For every action there is an equal and opposite reaction. Sumablay ang kanilang galaw kung kaya mas lalo siyang napadagan kay Nykuz.

Muli itong napaungol. This time medyo napalakas ng konti. Nalito siya kung tatayo na ba o wait for Nykuz to do the first move. For the second time in Shannah's history, nawalan siya ng masabi at maisip sa kanilang situwasyon.

They were in an akward position. Nakapalibot ang magkabilang braso ni Nykuz sa kaniyang beywang at siya naman ay nakatukod sa matipunong dibdbib nito.

## Chapter Five

**NAGING** parang may marathon sa kaniyang dibdib. Ang lakas ng kabog nito. Pakiramdam niya ay dumami ng husto ang kaniyang puso at sabay- sabay itong pumipintig. Awtomatikong napadako ang kaniyang mga mata sa mukha ni Nykuz. Gadangkal lang iyon at tila parang namagneto siyang titigan ito. Kung sa malayuan nga ay halos magwala ang kaniyang puso sa kaguwapuhan nito, walang sinabi iyon kung matitigan niya sa malapitang range.

Mesmerize by his looks and with their position, biglang napalunok si Shannah. Lalo pang nadagdagan iyon nang maramdaman niyang lalong humigpit ang pagkayakap sa kaniya ni Nykuz. Nanayo rin ang kaniyang balahibo nang masamyong mabango at mainit nitong hininga.

His mesmerizing eyes spells something that she knows of. It is as if telling her that he was going to kiss her. Gusto niyang mapalunok ulit subalit nanuyo ang kaniyang lalamunan. Binasa na lamang niya ang kaniyang labi gamit ang kaniyang dila.

*My, she's experiencing her first spark!* Nagdiwang ang kaniyang puso.

"Is this the part where we should kiss?" Maya- maya ay putol ni Nykuz sa mahabang special moment na dumaaan sa kanila.

*Anu raw?*

Lukot ang mukhang inarok ng kaloob- loobang bahagi ng kaniyang utak kung ano ang ibig nitong sabihin.

*Bling. Bling. Bling.* Pagkatapos ng maikling pagnilay- nilay, naunawaan na rin niya ang sinabi nito. Nabuwisit siya sa kaalamang iyon.

Sinadya niyang bigatan ang pagtukod habang inalalayan ang sarili na tumayo. Napaungol si Nykuz sa kaniyang ginawa.

"Maganda na sana, e." Reklamo niya sabay pagpag ng tuyong dumi na kumapit sa kaniyang damit. "Kailangan bang sirain mo ang moment na yun? Hindi mo ba alam na rare na mangyari ang ganoong attraction between two exactly different strangers. Sa fictional romance lang ata yun tunay na nag- eexist. Mantakin mo totoo rin pala ang *spark* sa totoong buhay. But you ruined it. You ruined my first spark. Ang tagal kong inantay iyon." Akusa niya sabay duro rito. Tumayo na rin si Nykuz.

"Whoa..." itinaas pa nito ang dalawang palad na para bang walang ginawang mali.

"Whoa ka diyan. Hindi ako kabayo." Katakot- takot na irap ang ginawa niya.

"What do you expect me to do? Hahayaan ko na lang na hali... na magha... na we do that thing." Tulirong sabi nito.

"See? Hindi mo man lang mabanggit na muntik na tayong mag- kiss. Denial ka Nykuz."

“No, I’m not. I have nothing to deny.”

“Don’t you agree na we have something spark going on between us?”

“Tinagurian kang lumaki sa siyudad pero you still believe on those things that romance movies and novels planted on everyones mind. Twentieth century na ngayon. Hindi na uso yang ganoon.”

“Yan ang akala mo. Pero we have that kind of romantic something awhile ago.”

“No, we don’t.”

“Yes, we had.”

“Nooo!” pikon na pikon na ito.

“Yesss! In fact, muntik nang maselyuhan kung hindi mo sinira ng special moment na yun. Oo, itinuring kong special dahil first time kong na- experience. Buwisit ka. Panget!”

“Tingnan mo tong babaeng to.”

“Babae naman talaga ako.”

“Kung natuloy iyong hindi dapat matuloy, anong mangyayari?” nanantiyang tanong nito.

*Kita mo to.* “Itinatanong pa ba yun? Siyempre kikiligin ako kapag nagkataon. And for starters we’ll learn each others interest and likes. Then eventually that could lead to something great. Like wedding bells and till death do us part thing.” She felt elated with just the thought.

“Ano?!” napailing ito. “You’re such a hopeless romantic.” liling- iling nitong sabi.

“And you are a hopeless nuts.” Ganting sabi niya.

“I can’t believe we’re having this kind of conversation. Don’t you feel awkward? A real lady will not reveal or talk like what had just happened.” suhestiyon nito na lalong ikinahaba ng kaniyang nguso.

“And a real man doesn’t behave like yours also. Imagine napahiya ako sa ginawa mo. Ang masaklap pa doon, todo deny ka pa.”

“Umamin ka nga Shannah, nagugutom ka ba dahil kung anu- ano yang mga pinagsasabi mo. It’s still early for lunch break.”

“I know what I saw. Hindi ko guni- guni ang nakikita ko sa mga mata mo kanina. You have that longing to kiss me. Believe me. If I could rewind that special moment of ours baka...”

“Alright. Stop it. Paniwalaan mo na kung ano ang gusto mong paniwalaan. End of the discussion. Can we get back to work?” nasa tono na nito ang frustration at napipilitang pagsusumamo.

“Okey. Pero aminin mo muna na may naramdaman kang kakaiba kanina.” Hinawakan at niyugyog pa niya ang kanang braso nito. “Di ba?”

“Wala nga e. Ang kulit mo.” Taliwas sa sinasabi nito, naroon ang kakaibang kislap sa mga mata nito na pilit na kinukubli.

“Meron nga. Uyyy... aamin na yan.” Kinuhit niya ito sa may tagiliran nito. Napapiksi ito.

Napangiti siya. Sabi na nga ba na karamihan sa mga lalaki ay may kiliti sa kanilang tagiliran. Inulit pa niya.

“Shannah binabalaan kita.” Mariing sabi nito ngunit bakas sa mga mukha nito ang pinipigilang ngiti.

“Mahirap bang aminin, huh? Hindi naman siguro nakakalalaki kung aamin ka na.” kikilitiin pa sana niya ito sa ikatlong pagkakataon ngunit nahuli nito ang kaniyang mga kamay.

“I said end of discussion. Pero pinanganak ka nga sigurong makulit kaya...”

“Eeee...” malakas na tili niya. Nykuz grab her on the waist and tucked her hands between his.

“Now, will you listen with what I am saying?”



She wanted to protest but she couldn't move. Physical body lang niya ang narendahan nito. Ngunit dahil sa pagkabigla at muling pagkadikit sa katawan nito, pati vocal organ niya ay tila narendahan din nito. Walang boses lumalabas nang ibuka niya ang kaniyang bibig. Sunud- sunod na tango lamnag ang kaniyang ginawa.

“Kapag sinabi kong end of discussion, it means no more asking or pleading. Understand?”

Tango lang din ulit. Nykuz is empowering her strength like hundred times than hers.

“Kapag narinig ko pang uungkat mo ang tungkol sa nangyari, I will send you back to Manila. You want that, don't you?”

Todo iling naman ang kaniyang sagot.

“Good then! Let's call it a day and go back home. Nawalan na ako ng gana magtrabaho ngayon. Bukas na natin itutuloy.” He slightly loosen his hold on her. “Pakakawalan na kita. Please behave and no more flirting. You got it?”

“Certainly, Sir.” Sa wakas bumalik na ang kaniyang golden voice. Pinakawalan nga siya nito matapos matantiya na seryosong susundin niya ang rules nito. Sapo niya ang kaniyang dibdib. Dagli siyang lumayo at huminga ng malalim. Para kasing nasuffocate siya sa sobrang pagkadikit nila ni Nykuz.

*Ok fine!* Kung purely business ang gusto nito, she'll give it to him. That's it for the meantime. Saka na niya pag- iisipan kung ano ang magandang plan para paaminin si Nykuz. *So, it's true. Sparks do really exist.*

**Tahimik** na nakasunod lang si Shannah pagpasok ng bahay. Sadyang pinauna niya si Nykuz. Baka kasi ma- conscious sa sarili kung siya ang mauuna. Naghihimutok pa rin ang kaniyang kalooban pero hindi niya hahayaan na sisirain nito ang kaniyang diskarte.

“Nykuz!” nakaririnding tili ng kung sinong babae bago pa man makapasok ng bungad ng pintuan si Shannah. Bago makapag-violent reaction ang kaniyang eardrums, narinig niya ang tila

nagpoprotestang tinig ng tinawag.

“Oh, dear!” mahinang reklamo nito na siya lang ang nakarinig. Naging interesado siya kung bakit ganoon na lamang ang reaction ng lalaki. Hinagilap ng kaniyang paningin kung saan nagmula ang babae. Hindi pa man niya nasilayan maging anino nito nang makaramdam siya na may humatak sa kaniyang beywang. Sa gulat ay napatili siya ng di- namamalayan. Her body instantly recognize who it was.

“Hey! Mukhang ginagawa mo ng habit ang hatak- hatakin ako. Naman! Tapos magrereklamo ka kung mag- iisip ako ng magagandang pangitain sa ating dalawa.” May saltik nga talaga ang kamoteng- gubat na to.

Oh no! *Patay tayo diyan.* Pang- aassar ng kaniyang utak. Kapag nagkataon magkakagusto siya sa isang may saltik. Ang ibig niyang sabihin ay guwapong may saltik. Not bad. *Laman tiyan din yan.*

Nagpatianod siya sa ginawa nito tatal nagustuhan naman niya. Ang sarap kaya ng pakiramdam habang nasa mga bisig nito.

*Heh! Pasaway kang katawan ka. Makamundong pagnanasa to.* Saway ng matinong bahagi ng kaniyang utak.

*Namnamin mo na kasi. Pakipot ka pa.* Tugon ng pasaway na bahagi ng kaniyang utak. Wala na. Nagkakabundol- bundol na ang traffic management ng kaniyang nervous system. Nagkaka- Nykuz syndrome na rin ata siya.

Ano nga ba iyong sasabihin niya? Sinubukan niyang umaklas sa higpit ng pagkayakap nito. Hindi siya makapag- isip ng matino kung ganito sila ka- close. At ang pesteng mga mata niya imbes na makatulong, dumako pa ang tingin sa mga mata ni Nykuz. Sa pagtama ng kanilang mga mata, they were under that trance again.

“What is the meaning of this?” tinig iyon ng babae. Iyon ang pumutol sa magandang eksenang iyon.

Again! Nakakunot ang noong nilingon niya ang uninvited na kamoteng sumira sa kanilang retake special moment.

Muntik ng malaglag ang kaniyang eyeballs nang masilayan ang itsura nito. Kung hindi lang niya nakadaupang- palad si Rachel McAdams baka mapagkamalan niyang siya iyon. Wow! Daig pa nito ang katawan ni Barbie doll sa sobrang lusog ng balakang at dibdib nito. Nahiya rin ang kaniyang waistline sa sobrang gadangkal na liit niyon. Muli niyang inilayo ang sarili kay Nykuz. Hindi naman nagpatinag ang lalaki bagkos mas hinigpitan pa ang pagkayakap sa kaniya. Nagtatanong ang mga matang nilingon ito.

“This is my girl.” Deretso nitong sabi sa kalook- a- like ni McAdams.

Napakurap siya sa narinig. Siya ba ang tinutukoy ni Nykuz? Malamang dahil bukod sa babaeng kaharap wala ng iba pang babae maliban sa kaniya na naroroon.

“Wait...” angal niya.

“Ahm.” Putol ni Nykuz sa kaniyang protesta. “Shan meet Heidi. Heidi meet Shannah my girlfriend.” Hinarap nito ang babae ngunit nanatili pa rin ang kanang kamay nito na nakapalibot sa kaniya. “If you’ll excuse us may pag- uusapan lang kami saglit ng fiance ko.”

Ah, kanina girlfriend lang, ngayon fiancé na. Tapos may possessive word pa na ‘ko.’ Anong kasunod? *Asawa ko?*

Kani- kanina lang din malinaw ang usapan na bawal silang magkaroon ng relasyon maliban sa pagiging mag- amo. Lumitaw lang sa eksena ang Heidi na to, walang pasakalyeng naging boyfriend slash fiance ang peg nila ni Nykuz.

Bukas o baka mamya lang din ililibing na siya. Nahihilo kasi siya sa bilis ng pangyayari. Naniniwala na siya sa kasabihang ‘tigmak ng kaguluhan ang mundo.’

“We’ll join you after thirty minutes.” Hindi na nito nahintay pa na sumagot ang kausap. Inakay siya nito palabas. Wala siyang magawa kundi ang sumunod rito. She needed an explanation. A good explanation or else she’ll go insane.

Nang makalayo- layo sa bahay at sa tantiya niyang wala ng makakarinig kung sakali mang magsigawan sila ni Nykuz, hinila niya ang kaniyang kanang kamay sa mariing pagkahawak nito na animo tatakas siya. Nabitiwan siya nito at huminto sa paglalakad.

“Please, Paki- explain kung ano iyong palabas mo kanina.” Patiuna niya.

“Shan let’s talk about this like a rational people.” Mataman siya nitong pinagmasdan at tinantiya kung ano ang kaniyang saloobin.

“Last time I checked, hindi pa ako qualified na pasyente ng mental hospital. So I think I’m still capable of rational conversation.” Napangiti ito sa kaniyang turan. There she is again, captured by his nice smile. Ipinilig niya ang kaniyang ulo. “So, bago pa ako magiging qualified doon, simulan mo ng magsalita. Nagkakatraffic jam ang utak ko sa iyo.”

“Heidi was my fiancée.”

Ouch! That hurts. “E, ‘di magpakasal na kayo.” Naiinis na sabi niya.

“You’re not listening. Ang sabi ko, ‘was my fiancée.’”

Ahh. Past tense naman pala. Nagdiwang ang kaniyang puso. Ayay, may puso ng involve, agad- agad? “O, tapos?”

“Last year, we are supposed to get married. But...”

“Hindi natuloy, ganoon ba? May third party at na- realized niya na mas mahal niya iyong other guy than iniwan ka. Nasaktan ka ng husto. Sa nakalipas na araw nauntog ang ulo ni you-know- who and planned to win you back. But, gusto mong maghiganti at gagamitin akong magpapanggap na girlfriend mo at pagmukhain siya sa katangahang pag- iiwan sa iyo.” Mataman lang na nakikinig si Nykuz. Hinayaan lang siya nito sa panghuhula sa nagiging pangyayari sa love story nito at ni Heidi. “Or pwede ring ikaw ang may third party. Pero sa nakikita ko sa iyo, malamang na hindi. Tama ba ako?”

Nykuz didn’t answer her. He just eyed her with interest. It’s her cue to continue. “Maaari ring iniwan ka niya dahil sa career interest. You’re a hindrance to her career. So, she made a

decision na iwan ka kapalit ang magandang career na naghihintay dito.” Nagliwanag ang kaniyang mukha. “Oo, tama! Iyon nga malamang ang dahilan. Well, take a look with her angelic face and breath-taking figure. Maraming magkakainteres sa kaniya sa entertainment industry.”

Tsk. Tsk. Tsk. “But y’know what, napaka-common na ng ganoong story. Ilang movie revisions na rin ang nagagawan ng ganoon. Gasgas na ‘yun, di ba? Sa tingin mo?” hingi niya ng opinion nito at para malaman na rin kung totoo ba ang sapantaha niya.

“Yeah, I agree. Napakagagaspas na nga ng ganoong plot.”

“Naman. Ang galing-galing ko talaga.” Pinalakpakan niya ang sarili. “Kaya kung anu yang pakulo mo kanina, I won’t agree. Magpapanggap lang naman ako, wala pang originality. One more thing, magpasalamat ka at hindi natuloy ang kasal niyo.”

“What’s that supposed to mean?” nakakunot-noong tanong nito.

“Pakinggan mo ‘to ‘Heidi and Nykuz Nuptials,’ it doesn’t sound good. You won’t make a great team. Nagsisimula raw yan sa pangalan kung bagay.”

*Kung Shannah and Nykuz Nuptials kaya? Ganda. Super bagay. Har har har.*

“But, that’s not what happened between Heidi and me.”

“Talaga? So, what really happened?”

“Heidi is so obsessed with her physical appearance. One month before ang aming kasal, inungot niya na i-moved ang araw ng kasal. Maghintay raw kami ng isang taon pa.”

“What for?” takang tanong niya. Mag-move man lang ng araw, iyon pang tipong wala talagang balak na matuloy ang kasal. *One year? Kung di ba naman sira ulo.*

“Promised you will not laugh?”

This is getting interesting, I guess. “Depende. Anong dahilan? Naiintriga tuloy ako sa *labs istori* ninyong dalawa.”

Binalawala nito ang kaniyang sinabi. "Heidi has this dream wedding gown. Ang kaso hindi fit sa body built niya. She decided to seek plastic surgery. Imagine my dismay nang malaman ko ang reason niya. I said I don't agree with it. I love with who and what she is. Subalit hindi siya nakinig. She cancelled the wedding. A year after that, bumalik siya with that new face of hers along with that funny looking figure. She then told me na handa na siyang magpakasal kami. And I said no. She's persistent. Ginawa raw niya ang lahat ng iyon para sa aming dalawa. I didn't imagine her to be that superficial." Mahabang salaysay ni Nykuz. Bakas sa mukha nito ang matinding panghinayang.

Bago nga ang twist ng kuwento nito. Kakaiba. Saglit... Nagsink in na lahat sa kaniyang utak ang sinabi nito. Heidi turn off their wedding day for a plastic surgery?! Mulagat siya. Pagkatapos ay tawa siya ng tawa.

"You've promised me you won't laugh." Bakas din sa mukha nito na gusto rin nitong matawa sa kuwento nito.

"Sabi ko depende. That's the most ridiculous and most absurd wedding break off that I've heard." Hindi pa rin niya mapigilan ang matawa.

"You said it well." Tugon nito. Nakadama siya ng simpatiya rito. Nasaktan din marahil ito noong hindi matuloy ang kasal nito. "Come to think of it, ginawa niya iyon para magiging maganda siya sa kasal niyo. She did it all for you."

"Hindi ko hiniling iyon." Mariing waksi nito sa kaniyang simpatiya. "Besides, she's fine with my eyes. Hindi lang siya makontento. She just showed how selfish she could be. How will you expect na maganda ang pagsasama namin kung iyon pa lang ay hindi na namin pagkakasunduan."

"You have a point in there. Ano na ngayon ang plan mo? Hindi ba parang you dump her like a garbage after all the things she did."

"She ask for it. Nagkusa siyang gawin ang gusto niya. Siya ang nagkansela ng wedding. Kaya labas na ako sa kasunduan naming iyon. As for the plan, wala akong planong naiisip."

"Bakit mo ako ginamit na front kanina?"

“Because you were a perfect timing. You were in a right place at a right time.” Tugon nito na para bang napaka- brilliant ng ideyang naisip nito.

“Touche. What if hindi ako pumapayag?”

“You won’t do that.”

“Trust me, I can.”

“I’ll pay you triple the amount we agreed on.”

“Sorry, wrong number. I have plenty of that.”

Tumaas ang kilay nito. “I could throw you back in Manila anytime I wanted to. How about that, huh?”

## Chapter Six

***HAH! Bluffing? Convince me more buddy.*** Hindi mo ako madala sa mga paganiyan- ganiyan mo. Akala mo ha.

“Kung iyan talaga ang gusto mo, you can send me now. As in now na po.” Hamon niya rito. Malakas naman ang loob niyang hindi siya nito mapapabalik ng Manila agad. He needed her service.

Mataman siyang tinitigan nito. Pinag- aaralan kung paano lalabanan ang hamon niya. Pinatapang niya ang kaniyang depensa kahit alam niyang anytime mabubuwig iyon sa simpleng titig nito. Naiinis siya sa sarili.

Totoong pangarap niya na magiging exciting ang kaniyang love life. She longed that spark from movies ang books she read. Realistic siyang tao pero hindi pa rin naalis sa kaniyang kaisipan na baka magiging totoo ito. Kay Nykuz niya na naramdaman ang ganoong spark. Of all people pa,

kay Nykuz niya naramdaman na sa tingin niya ay malayong magiging sila at magkakaroon ng happy ending. She's twenty five but still believe in love and romance that last forever.

"Fine." Maya- maya ay sabi nito. Itinaas nito ang dalawang palad tanda ng pagsuko.

*See?!* Hindi ka mananalo sa akin. Ako pa na pinanganak na magaling mangatwiran.

"Pack your things." Mariing sabi nito.

"Huh?" bangenge siya sa sinabi nito. Anak ng kamoteng gubat. Diyata't pinatulan ang kaniyang hamon. Marahan niya itong tiningnan. Sinuri niya kung seryoso ba ito sa huling sinabi. Hindi ito natitinag.

*Seryoso nga! Lagot na.* Hindi pupuwede lalo pa ngayong may reason na ang kaniyang pag-stay doon. Buwiset na Nykuz to. Hindi man lang pinagbigyan ang kaniyang ego.

Ano ba dapat ang gagawin niya sa pagkakataong tulad nito. Tulala siyang nag- isip. Nagkamot siya ng ulo. At talagang pinahirapan siya ng kaniyang utak dahil ayaw gumana. *Wala bang multiple choices?* Back then in her school days, she hated essays and type of examination that requires critical thinking. Napapagod ang utak niya sa ganoon. She loved objective type of questions. At least doon, may ideya man siya o wala sa tinatanong, meron pa rin siyang maisasagot dahil may pagpipilian.

*Then make one!* Galit na pasigaw ng kaniyang isip. Aray ko po! Pati ba naman sarili kong utak nakikipagalyansa na sa kabilang panig?! *Fine!*

Choice A, pack your things and give that big 'hah' on Nykuz face. Tingnan lang natin kung sino ang may huling halakhak. *Aray! Naman na!* Kinurot kasi ng puso niya ang kaniyang utak. Kung paiiralin mo ang pride mo, walang magiging happy ending ang first spark mo. So, what's choice B?

Choice B, magmatigas at hayaan si Nykuz sa gusto nito. *Aray! Ano na naman ba?* Sinabunutan na kasi ng kaniyang puso ang kaniyang utak. Nag- iisip ka ba? Anong pinagkaiba niyan sa choice A? *Oo nga naman pala.*



Choice C, magmanikluhod kay Nykuz at sasabihing, “iyon lang ba ang gusto mo? Tara pakasal na tayo.” *Araaay!* This time it’s her heart who complained. Sinipa kasi ang kaniyang utak. Wala ka bang pride? E, di parang pinalabas mo na ring easy- to- get ka.

Nag- rumble ang lahat ng kaniyang body systems. Damay- damay lahat. “Buwiset!” bulalas na niya sa malakas na tinig. “Wala na bang choice D?”

“Choice what?” nagtataakang tanong ni Nykuz sa kaniya. “Kinakausap mo ba ang sarili mo?” Nagdududang tanong nito.

Kumibot ang kaniyang labi. “Naman. Minsan subukan mo rin ang ganoon.” Nagmamaktol na sabi nang makita ang nagiging reaction ni Nykuz sa kaniyang ginawa. “Don’t worry, it is very much healthy.” Dugtong niya nang makita niya na mukhang hindi kumbinsido sa kaniyang sinabi. *My precious heart, do it have to be Nykuz?! Puwede bang si Henry Cavill na lang!*

“Ok fine! Kung nasa katinuan ako ng pag- iisip nuncang papayag ako. Pero dahil wala ako sa katinuan ng pag- iisip, sige pumapayag na ako.” Kandahaba ang ngusong sabi niya.

“Pumapayag saan?” painosente nitong tanong.

*Kuuuh!* Ang sarap balyahin ng kumag. “Payag na akong maging girlfriend mo. Pero may kondisyon.” Hindi ata siya papayag na magpapadehado.

“Blurt it out. I’m listening.” Triumph is visible all over his face.

She smirked.

“Not now! Pag- iisipan ko pa ang lahat.” Mahirap ng mag- isip ganitong may world war three sa kaniyang kalooban. Papayapain muna niya baka sakaling puwedeng suhulan.

“Don’t think too much. Huwag kang mag- aalala hindi ka madedehado rito.”

*Dapat lang!*

“Nga pala, what happened to the ‘behave and no more flirting’ na pinagsasabi mo kanina sa gubat?” she mocked.

“That’s different.”

“Anong ipinagkaiba nun? Ikaw pwede mag- misbehave at ako bawal?” maktol niya.

“That’s what they call male power, sweetie.” Hinawakan nito baba niya. “Sakyan mo na lang, hmmn?” iniwan na siya nito nagdidili- dili pa rin sa bagong twist ng pangyayari.

“That is rather male chauvinism.” Mahinang usal niya.

*Kapag ako dito madedehado Nykuz, naku, utang na loob. Uubusin ko ang mana ko sa pag-hire ng hitman para hunting-in ka!*

“**Once** in a lifetime, you look in someone's eyes. And it feels like the world stops turning at once. That's what it felt like for me, I knew right away this day would be. Standing together, believing forever is there in our reach... na na na...”

Nililibang ni Shanniah ang sarili habang hinihintay ang kaniyang biggest break sa acting. Sinasabayan niya ang pag- awit ng ‘As love is my witness’ na inawit ng paborito niyang boy band.

As of this moment, she and Nykuz are officially fake sweethearts. Wow, the scheme is so funny. Very unusual.

Nalulungkot siya sa sinapit ng kaniyang first spark. She pictured her love story as one of the merriest part of her life. A moment to be treasured for a lifetime.

“... na na na.'Cos love is my witness. I swear, I'll be with you till the end. Nothing in tear this love apart. I'll put my hand upon my heart. This is the promise I'll make to you. Whatever comes we'll see it through. Nothing can break it. This feeling's too strong. 'Cos love is my witness...” She can’t help it but sway her head along the song.

“How lame!” May tinig pang- uuyam na boses ng kung sinong babae mula sa kaniyang kaliwa.

Nagpanting ang kaniyang tenga. Pinariringgan ba nito ang pagsisintimyento niya o ang

awit na kinakanta? *Tange. Not the song but your voice.*

Nangingitngit ang kalooban na inalam niya kung sino ang malakas ang loob na laitin ang kaniyang boses. Medyo nagulat pa siya nang mapagsino ito. Kanina lang pinagtanggol at binigyan pa niya ng simpatiya sa harap ni Nykuz ang babae. Fake nga pala ito. Walang pinagkaiba ang panlabas at panloob na ugali nito. Naremedyohan ng modern science and technology ang physical features nito. Subalit hindi nito nagawang ayusin ang magaspang na ugali nito.

“Hello Heidi! Yeah, how lame. Just in case you forgot, alam ko ang dahilan kung bakit hindi natuloy ang kasal ninyo ni Nykuz. Huwag mo akong malait- lait. Mas kababawan pa nga ang ginawa mo. My physical appearance is purely God- given. And yours is all technology- made.” Pasensiyahan sila. Mabait siya. Pero marunong din siyang manlait lalo na sa taong mapanlait na wala sa lugar. “As for my voice, it’s not the voice that counts. It is how you emote with the lyrics. Alin, kung lahat ng tao magaganda boses, hindi kikita ang music industry. Itsura nito.” *Pweh!*

“You’re such a homewrecker.” Heide hissed on her. Kulang na lang sugurin siya nito ng mahahaba nitong kuko.

Napabulanghit siya ng tawa sa tinuran nito. “Hiyang- hiya naman ako sa katalinuhan mo. May internet connection ba yang phone mo? Pakisuyo, paki- google ng salitang homewrecker bago mo ako paratangan ng ganoon.”

Katawa- tawa ang naging reaction nito sa kaniyang sinabi. Imbes na muling matawa, kahit papaano nakadama siya ng konting awa rito.

“Look, Heidi, nakamove on na sa iyo si Nykuz. Tanggapin mo na lang din na wala na kayo. Move on with your life.” Maingat na pakiusap niya rito. Sana tigilan na nito ang pagbibigay ng pag- asa sa sarili.

“No! At sinong kapalit na pinili niya? Ikaw na mukhang palaka ang boses?” matinis na panlalait nito.

*Aba’t talagang ayaw papigil sa pang- aasar ang impostor na to. Ano na ba ang nangyayari sa mundo. Kung sino pa ang walang maipagmalaki, sila pa ang malalakas ang loob na manlait.*

Hindi man lang ba ito nabiyayaan ng kahit konting kahihyan.

Napabuga siya ng hangin. “Lumayas- layas ka nga sa harapan ko, ipokritang babae. Masasayang ang laway ko na pakiharapan ka. Tandaan mo, kahit ilang beses mo mang ipabago yang mukha mo, kahit paulit- ulit mong paputulan ang mga buto mo, ibabad ng kung anu- anong chemicals yang balat mo para magmukhang makinis. Hindi mo maiaalis sa mata ng mga nakakilala sa iyo na ikaw si Heidi at mumultuhin ka ng dati mong pangit na itsura. Hindi na rin babalik si Nykuz sa’yo. Sa akin na siya. Vamoose! Bago pa mapadami ang masabi ko.” Nanggigil na taboy niya rito.

Umiiyak na tumakbo ito palayo sa kaniya. Wala na siyang pakialam kung nasaktan man ito.

Naglakad siya ng paroo’t parito upang pakalmahin ang sarili. Siya namang humahangos na pagdating ni Nykuz. Mabilis ng na sinalubong niya ito.

“You shouldn’t be that hard on her.” Galit na bungad nito.

*Ano bang pinagsisintir ng isang to?*

“Nykuz, hear me out. Magpapaliwanag ako.” Tangkang pakiusap niya.

“Explain to me what? Kung paano mo hiniya si Heidi?” Singhal nito.

“Hindi ganoon ang nangyari.” Sana naman bigyan siya nito ng pagkakataon na ipaliwanag ang kaniyang sarili. Nasaktan din siya sa mapanlait na bibig ni Heidi.

“Umiyak si Heidi.”

“Hindi por que umiyak, inapi na agad.”

“And you know what she said? Lahat ng nakakasakit na salitang binitawan mo. I heard even the last part of it.”

Nabigla siya sa sinabi nito. And hurt at the same time. She could read between the lines. May nararamdaman pa rin ito sa ex- fiancé.

“Hindi ko akalain na walang pinagkaiba ang pag- uugali mo sa mga taong mapagmataas at walang pakundangan sa pakiramdam ng iba. You’re a biggest mistake, Shan.” Malamig na turan nito sa huling sinabi.

Nanikip ang kaniyang dibdib. How could he judge her without letting her depend her side.

“Hindi mo na ba pipiliting pakinggan ang paliwanag ko, ha Nykuz?” malamig ding tanong niya. Parang may bumara sa kaniyang lalamunan. Nagbabadyang tumulo ang kaniyang luha. Hindi siya bibigay. Not like this.

“Sh- Shan.” Parang nahimasmasang sabi ni Nykuz. Tinangka nitong hawakan ang kaniyang kamay. Pumiksi siya.

“Go. Amuin mo siya.”

“Shan, ang ibig ko lang naman...”

“Go to hell, Nykuz.” Putol niya sa sasabihin nito. Hindi rin siya pakikinggan nito. Ipagtatanggol lang nito si Heidi. Parang kinurot ang kaniyang puso.

Kung ganoon? Nagseselos ba siya? Nasaktan siya sa pagmamalasakit na pinapakita ni Nykuz kay Heidi. Napaiyak siya sa reyalisyong iyon. Hindi lang simpleng fascination ang nararamdaman niya kay Nykuz. Yet, it is too soon to tell. Awang- awa siya sa sarili.

“Shan, I’m,”

“Naman, o. Magsama kayong walang kuwenta.” Mabilis na iniwan ito.

Naiwan si Nykuz na kakamot- kamot ng ulo.

“Bakit ba ako ang biglang lumabas na masama dito?” dinig niya ang pabulong na reklamo ni Nykuz.

**Umulan** ng hapong iyon. Kasabay nun ang pagpatak ng luha ni Shannah. Tila nakikisimpiya ang

panahon sa kaniyang nararamdaman.

Ang sama- sama ng kaniyang loob. Gusto sana niyang samahan ng pagpapatugtog ng musika ang kaniyang sentimyento gaya ng ng nakaugalian niya. Nga lang, mukhang tinamaan siya sa pangungutya ni Heidi.

Binabalewala lang niya dati kahit anong pang- asar ng kaniyang mga kaibigan dahil sa kawalan niya ng talent pagdating sa pagkanta.

“Pambihira. Panira talaga ng trip ang retokadang iyon.” Himutok niya sa sarili. “Isa pa ang Nykuz na iyon. Ang sabi, gustong mawala sa buhay ang ex- fiancé. Tapos ngayong may pagkakataon, siya namang aamuin ito.”

Nangalumbabang pinagmamasdan niya ang panaka- nakang patak ng ulan. Tumitila na ito. Ngunit ang kaniyang sama ng loob ay nanatili.

“Bakit ganoon?” mahinang kausap niya sa sarili. “Kaakibat ba talaga ng pag- ibig ang pagkabigo. Hindi ba puwedeng love and happiness na lang.” Napabuntong hininga siya.

Nasa ganoon siyang pagmuni-muni nang may kumatok. Malakas at sunud- sunod. Si Nykuz iyon. Wala namang ibang kumakatok ng ganoon sa kaniyang pansamantalang silid maliban sa nabanggit. Gumalaw ang seradura. She locked it earlier. Sinadya niyang i- locked ito. Inaasahan na niyang papasukin siya nito kahit walang pahintulot.

“Shannah open the door. Mag- uusap tayo.” Ani ni Nykuz sa labas.

“Walang tao. Natutulog.” Paasik na tugon niya. Humiga siya sa kama at tinakpan niya ng unan ang kaniyang magkabilang tainga. Hanggat maari ayaw muna niyang marinig ang boses nito. She heard him murmur more words. Dumaan lang iyon sa kaniyang pandinig.

Ilang minuto pa ang nakalipas ng maramdaman niyang huminto na ang ingay sa labas. Tinanggal niya ang unan at nakiramdam. Nykuz is gone.

Nakagat niya ang pang- ibabang labi. Nagbabadya na namang pumatak ang kaniyang luha. Why do I have to feel this way.

Craaksh!

“Ay panty ng kabayo ng kabayo.” Sigaw niya. Napatayo siya sa pagkagulat.

Nawasak ang salamin ng bintana. Mabuti na lang at malaki ang silid na iyon. Walang bubog na umabot sa kaniya.

Hindi pa siya nakahuma sa pagkagulat nang makita niyang nakatayo sa hambla ng bintana si Nykuz. Pilit nitong inabot ang seradura.

Malakas na ang kabog ng dibdib niya sa gulat. Bumilis pa ng husto nang makita ang ginawa ni Nykuz. Sa pagkaalam niya nasa ikalawang palapag ang silid na iyon. Walang barandilya. Paano nito nagawang humampa? Nag- iisip ba ito?

Pigil na pigil niya ang kaniyang hininga. Papatayin ata siya nito sa takot. Sa wakas, nabuksan din nito ang bintana. Humihingal na sumampa ito sa mabubog na sahig.

“Shit!” mahinang mura nito. Paano wala itong sapin sa paa. Ngumiwi ito sa sakit na naramdaman.

“May saltik ka na talaga.” Naiiyak sa inis na sabi niya. Binalot din siya ng matinding pagsisisi. Hindi na lang sana niya ni- locked ang pinto.

“Shan I’m so sorry!” true sincerity was in his voice.

Tuluyan siyang napahikbi. Wala siyang pakialam kung nakikita siya nitong umiyak. Basta ang alam niya hindi na niya mapipigilan ang sarili.

This is how she accepted the truth. Her heart found its man. Hindi lang simpleng pagkahumaling ang nadarama niya kay Nykuz. She damn love this man. Napailing siya.

Nykus misunderstood her gesture.

“Shan makonsensiya ka naman. Hindi pa ba sapat na sinira ko ang bintanang iyan para lamang makapasok at makausap ka? Mahal ang pagparenovate ko diyan baka kala mo. Look,” itinaas nito ang kaliwang paa. Naging mapula iyon sa dami ng agas ng dugo. Muling sinundot ang

kaniyang puso. Ganoon pala iyon. Kung ano ang nadarama ng minamahal mo, siya ring kirot na nadarama ng puso mo. "Makinig ka naman. Sorry dahil hindi kita binigyan ng pagkakataon na magpaliwanag kanina. Nalaman ko kay Boyet ang totoong nangyari." Ang anak ni Nanay Lena ang tinutukoy nito. "Heidi did the first move kaya mo nasabi ang ganoon. Mali ako sa pag- judge sa'yo. Kaya sorry na. Please!" Hindi pa rin ito umaalis sa kinakatayuan.

"Sira ka talaga kahit kelan. Umalis ka na nga diyan at gamutin yang sugat mo. Baka magkaimpeksiyon ka pa." Pinunasan niya ang kaniyang luha.

"Hindi ako aalis dito hanggat hindi mo ako pinapatawad." Ngumiwi ito ulit.

Nalusaw agad ang kaniyang hinanakit. "Ewan ko sa buhay mo."

"Ididiin ko pa to." Parang batang banta nito. Cute.

"Bahala ka." Ingos na umupo siya ng kama. Ganun- ganon lang ba 'yon. Pasasamain ang loob niya tapos aamuin. Tapos siya bibigay agad. *Hah!*

"Bahala ka rin makonsensiya. Gagawin ko na talaga. Isa, dalawa, tat..." akmang totohanin nito ang banta.

"O siya sige. Umalis ka na riyan."

"Tatl..."

"Pinapatawad na kita Mr. Nykuz Lamsen. Happy?"

"Siyempre. Sabi mo, e." karakaraka ay mabilis itong umalis sa tipak ng mga bubog. Paika-ika itong lumapit sa kaniya. Tumabi sa kaniya at sinipit ang talampakan.

Muling nagwala ang kaniyang puso nang magkadikit sila. Malala na nga ang kalagayan niya.

"Ang hapdi! Ang hirap mo namang suyuin. Kailangan pa bang saktan ko ang sarili ko." Parang hirap na hirap ito sa sinapit.



“Sino ba ang me sabi na gawin mo yon? Pwede namang gumamit ka ng duplicate key at buksan ang pinto. May padaan- daan ka pa sa bintanang nalalaman.”

“Malay ko ba kung hindi mo dinoble lock sa loob.”

“Hinintay mo na lang sana na humupa ang sama ng loob ko.”

“Malay ko rin ba kung ten years pa ang palilipasin mo bago humupa yan. If I know kayong mga babae, kung maka- tantrums parang walang bukas.”

“Hello! Magugutom at magugutom ako kaya sa ayaw at sa gusto ko, lalabas ako ng silid na ito para kumain. Mabilis ang metabolism ko kaya hindi ko kaya maghibernate ng kahit bente kuwatro oras man lang.”

“Hindi ko nga alam, di ba? Hindi pa tayo sobrang close para alam ko kung paano tatantiyahin ang ugali mo.”

Nagregidon ang puso niya sa narinig. “Gugustuhin mo naman ba?” nagtatapang- tapangang tanong niya habang inaalam ang magiging sagot nito.

Nilinga siya nito at nagtama ang kanilang paningin. Umiwas siya. Baka hindi niya kakayanin ang magiging rejection nito.

Patlang.

“Bakit ba matanong kang tao? Lahat na lang may tanong ka. Kung ako naman magsasalita, lahat may katuwiran ka.” He started to break the silence.

“Of course. *Brayt* ako. One of the kind.” Kunwa ay nagmamalaking tugon niya. But deep in side, she is afraid. Natatakot sa pagsibol ng kaniyang unang pag- ibig. At sa isang lalaki pa na katulad ng distansiyang kinalakhan nila, ganoon kaimposibleng maging sila.

Gumalaw ito at sinadyang alisin ang kaunting distansiyang namagitan sa kanila. Umusog siya. Gumalaw muli ito. Marahan siyang siniko. “Gamutin mo na lang ang sugat ko. Sige na.” malambing na ungot nito.

Tumayo siya. Hindi kinaya ng powers niya ang sobrang pagkakadikit ng katawan nila. Her knees literally trembled.

“Hindi ako nurse.” Pagtatakip niya sa kabang nararamdaman. Ngunit dumiretso na rin siya sa kanugnog na CR upang kunin ang emergency medical kit.

Nilinis niya ng sugat nito. Hindi naman sobrang napuruhan gaya ng inaakala niya. Mapapabilis sana ang pagkilos niya kung hindi lang niya nararamdaman na mataman nitong pinagmamasdan ang bawat kilos niya. Sobrang naiilang siya.

“There,” nanginginig na sabi niya matapos balutin ang sugat nito.

Sinipat nito ang kaniyang masterpiece. “Ang galing. Walang- wala sa mga nurse namin dito.” Nang- aakit ang mga ngiti nito.

Hindi siya sumagot. She might give in to his charms. Mabubuking ang kawawang puso niya.

lyon lang and all the rift between them is solved.

## Chapter Seven

“**KNOCK**, Knock.” Bungad ni Nykuz kay Shannah at sa kaniyang bunsong kapatid na parehong nakasalampa sa sahig na nababalutan ng lumang diyaryo. Batid niyang maaga pa nito dinayo ang silid ng dalaga. Napag- alaman niya ito kay Nanay Lena. Imbes na kumain sa hapag gaya ng nakaugalian ng pamilya, nakisuyo raw si Niquole na magpapahatid na lang ng kanilang agahan sa kuwarto ni Shannah at sabay na mag- aagahan.

Sabado kaya kinunsinte na lamang niya ang kagustuhan ng dalawa. At kapag ganitong nasa summer vacation ang kapatid, pinagbibigyan niya ang mga kahilingan nito hanggat maaari. Malapit na rin ito babalik ng Manila para ipagpatuloy ang pag- aaral. Mas maganda ang kalidad ng pagtuturo sa Manila kaya doon nila napagpasiyahan ng ina na papag- aralin ito. May dalawang malalaking bahay naman sila roon. Sayang din kung hindi nagagamit. Tuwing bakasyon umuuwi ito sa lugar na to.

Imbes na i- enroll sa iba’t- ibang extra curricular classes na tuwing summer vacation lang ino- offer, mas pinili nilang pagpahingahin ang kapatid sa nakakapagod na buhay sa Manila. Excited at tuwang- tuwa naman ito kapag papatapos na ang school year.

Sa sobrang tutok ng dalawa sa ginagawa, malamang na hindi nila namalayan ang kaniyang presensiya. Hindi na niya matantiya kung ilang minuto na rin niyang pinagmamasdan ang dalawa habang tutok na tutok sa ginagawa. All over them are the products of finished and unfinished paintings. There are some that makes sense. Others are unidentifiable, na pabara lang na ginawa

at ibinuhos ang iba't- ibang kulay ng pintura.

Bukod doon, naaliw din siyang makita ang mga itsura ito. They were still in their pajamas. Untouched hair and face. Kung susuriin, baka makikita pa ang bakas ng pang- umagang muta sa kanilang mga mata. Magtatanghali na subalit mukhang wala pang balak tapusin ng mga ito ang kasalukuyang ginagawa.

It was a cute scene. Hand in hand working seriously. Kahit kumulog, kumidlat at lumindol pa siguro ay hindi mamalayan ng mga ito. Hindi niya mapigilan ang mapangiti.

Gaya noong unang niyang masilayan, Shanniah is still adorable even when just got out of the bed. Hindi niya makalimutan ang todo- bigay nitong paghikab. Kahit wala siya sa harap nito, maiisip pa lang niya ang wala sa sarili nitong kilos, napapatawa na siya. Without an effort, she always manage to catch his attention. At ang kakaibang pakiramdam na iyon sa tuwing magkadikit sila at magkatitigan ay pawang mahiwaga sa kaniya. Kahit kay Heidi, hindi niya naramdaman ang gayon samantalang they have been more than close when in private. Hindi niya mawari na may future pala siya sa pagiging artista. Imagine, nakakaya niyang pakiharapan ito na para bang wala lang ang lahat.

Unlike Shanniah, vocal ito sa lahat ng kung ano ang gustong sasabihin at nararamdaman.

“Ahrmm.” Malakas na pagtikhim niya. “Mawalang- galang na lang sa ginagawa ninyo, baka kako gusto na ng mga digestive system niyo na magtrabaho. Mag- aala- una na at hindi pa kayo kumakain.

Dedma lang ang natanggap niyang kasagutan. Patuloy lang ang dalawa sa pagkuskos ng pintura sa painting sheet. Wala siyang matandaan na binilhan niya ng ganoong materyales si Niquole kaya malamang na pakana iyon ni Shanniah. Mga daliri at palad ang ginagamit nang mga ito sa pagpinta kung painting nga ba ang tawag sa ginagwa ng mga ito. Sa isang sulok nagkalat lang ang iba't- ibang klase ng paint brushes. Bakas na pansamantala lang itong ginamit.

*Para saan ba ang gamit ng mga nagkalat na paint brushes? For your eyes only?* Napailing siya. Kinakausap na rin niya ang sarili.

Malakas na kinatok niya ang pinto. Niquole eyed him and smiled. Pagkatapos ay tumutok ulit sa ginagawa. Ginagaya lang nito kung ano ang ginagawa ni Shannah. Shannah is working on the right side while Niquole on the opposite side. Maging ang mga mukha at damit pantulog ng mga ito ay may bahid ng pintura. Nice pero hindi dapat magpatuloy ang ganito.

May naalala siya. Ang usapan ay boyfriend siya ni Shannah ngayon. Bakit kung umasta ito ay para bang wala siya sa harap nito. Mahigit isang linggo na nila itong set- up. Wala namang problema sa kanilang palabas. Nagkaroon lang ng kuwestiyon ng malaman ni Heidi ang ikli ng panahon magmula ng magkakilala sila. Minsan parang napapaniwala na nila ang lahat na para bang totoong magkasintahan sila. Ang panaka- naka nilang iringan sa isa't- isang ay itinuturing ng kaniyang mga kasambahay na paglalambingan nilang dalawa.

Ang isang katotohanan na madalas ikantiyaw ng kaniyang utak ay nag- eenjoy siya sa kanilang madalas na pagsasama ni Shannah. Kung minsan parang natural na lang sa kaniya na sunduin ito tuwing umaga sa silid nito upang sabay na mag- agahan. O iyong pananabik na makasama ito sa maghapon pagtatrabaho. Panaka- nakang nagtutuksuhan na nauwi sa paghaharutan. Together, they were natural actor. *Totoong acting nga lang ba iyon?* Kontra ng kaniyang utak.

For the past week naging professional worker naman si Shannah. Brief lang ang paliwanag na ginawa niya may kinalaman sa trabahong inaasahan niyang gagawin nito. Madali itong turuan. And true to her promised words, maayos nga nitong ginampanan ang lahat ng iniatas niyang gagawin nito. Kahit hindi kinakailangan, nag-oovertime ito. Hinahangaan din niya pagiging resourceful nito. Kung hindi nito naiintindihan ang mga bagay na gusto niyang ipagawa, maingat itong nagsasaliksik at kinokontak ang kung sinu- sino. Bilib siya sa kalidad ng report na gawa nito. In just few days, maaaring matatapos na rin nila ang research project na iyon.

Few years ago, may nadiskubre siyang isang bunga ng isang jungle tree. Palapad na bilog ang hugis nito ngunit hindi naman kalakihan. Parang kasinlaki lang ng bunga ng lansones. Kapag freshly pick, kulay berde ang balat nito. At sa katagalan nagiging kulay itim at matigas na parang bato. Kailangan pang gamitan ng malakas na puwersa bago mabiyak. Kapag natuklap ang balat nito, naglalaman ito ng manila- nilaw na laman katulad na almond nuts.

It is not edible kaya hindi niya pinapansin noong una. Pero noong nagcamping siya, aksidenteng nasali ito sa kaniyang tupok ng apoy. To his amazement, mabilis ditong kumapit ang apoy at matagal na natupok ang isang buong buto. Habang nasusunog, may likidong lumalabas mula rito. Sa tantiya niya, ito ang dahilan kung bakit tumatagal ang pagningas nito. Gusto niyang gumawa ng research tungkol dito. Baka ang hindi kilalang butong ito ay magiging isang bagong tuklas na oil source para sa fuel consumption ng bansa. O baka kikilalanin pa nga sa buong mundo.

He was excited about the project. Pero gusto niyang magiging sekreto muna ito bago pa man gumawa ng proposal sa malalaking oil company. Sisiguraduhin niyang plantsado muna ang lahat para hindi mautakan kung saka- sakaling mayroong magkainteres sa kaniyang proposal.

Iyon ang dahilan kung bakit naghanap siya ng makakatulong na researcher. Shanniah's research company did show an exemplary work for its clients. According to their company profile, Marius Afos is one of their best assets. So, he set an appointment. Laking gulat na lang niya noong si Shanniah ang dumating.

Hindi naman niya hangad na siya ang maghands on sa pagbreak kung ano ba ang chemical properties ng butong iyon. Batid niyang mahaba- habang proseso ang bubunuin para sa ganoon. Ayaw niya ng karagdagang responsibilidad. Ang pamamalakad nga lang ng ekta- ektaryang lupain ay halos maubos na ang kaniyang panahon lalo pang higit kung siya mismo ang bubuno sa proyektong iyon.

Ang sa kaniya lang ay buuhin ang scope ng project then eventually, ibebenta niya ang rights ng pagpatuloy ng research. Natitiyak niyang maraming naglalakihang kumpaniya ang magiging interesado sa proyektong iyon. Matutulungan pa nitong iangat ang ekonomiya ng bansa at mababawasan ang pag-angkat ng langis sa middle east. Sa nagawa nilang report ni Shanniah, nakita niyang malaki nga ang potensiyal ng butong iyon. Magandang katrabaho si Shanniah. She has proven her worth.

Napamaywang siya at lumapit sa kinaroroonan ng mga ito. Nauubusan na siya ng pasensiya. Wala nga talagang balak ang mga ito na kausapin siya.

“Niquole.” Maawtoridad niyang pukaw sa kapatid.

“Yes, kuya?” pahapyaw pa nitong inimis ang konting pintura sa kamay nito at ipinahid sa painting sheet bago siya tiningala at sinagot.

“Hahayaan mo bang umabot ng magtakip- silim bago ka maliligo at magpalit ng damit?” Sanay siyang nakikita na umaga pa lang ay pustura na ito.

Nagkibit- balik at ito. “Takip- silim agad? Hindi ba puwedeng hapon muna?” Na- *shocked* sa paraan nito ng pagsagot. “Besides, today is my dirty day.” Walang- anumang sabi nito habang pinagpatuloy ang ginagawa.

He heard Shannah laugh with restraint. Masamang tingin ang ipinukol niya rito. She just smiled sheepishly at him in return.

“Who taught you that nonsense?” Mataas ang boses na tanong niya.

Sa halip na matakot, Niquole just giggled.

“Niquola Jeannette Lamsen.” Marahan niyang pahayag sa buong pangalan nito. It’s always a fact na tuwing binubuo niya ang pangalan nito, nangangahulugan ito na seryoso siya at kailangan niya ng makatuwirang paliwanag mula rito.

At sa hindi maipaliwanag na kadahilanan, hindi tumalab ang aktong iyon sa kaniyang kapatid. Bagkos na matinag, nagkatinginan pa ito at si Shannah na sa hula niya ay ang may pakana ng lahat. At sa kaniyang panggilalas, magkasabay pang naghagigikan ang dalawa.

“What’s going on here?” nalilitong tanong niya. Sa nakikita niyang pagtatawanan ng dalawa, parang na- eenganyo na rin siyang makisali. Only that, he don’t know what is to laugh about. “I’m giving a warning for the two of you. Papatulan ko na kayo.”

Nanahimik naman ang dalawa subalit maipinta pa rin sa itsura ng mga ito ang pinipigilang tawa.

“Actually, it is my dirty day today. Fact is, I’m celebrating it every Saturday. Nakikiuso lang itong si Niquole. If you’re interested, you can join us too. It’s all for free. No registrations and all.” Nanghihikayat na paliwanag ni Shannah.

“Yeah, that would be a brilliant idea, sis.” Sang- ayon ng kaniyang kapatid. Sa paraan ng pakikitungo nito kay Shannah, parang mas close at marami pa itong alam kesa sa kaniya.

*Sis? What the heck.* They were calling each other as sis. *Technically, she’s your girlfriend so it would be correct if Nyquole treated her like a big sister.* Paliwanag ng kaniyang isip.

“You two are so gross.” Kunwa ay nandidiri niyang turan.

He’s expecting a violent reaction from the two. Instead, they laugh at him like he is some kind of foolish lad.

“Nakakarami na kayo, ha. What is so laughable with that? If you won’t clean, you’ll be stinky as a troll.”

“It’s fine with me.” Nagyayabang na wika ni Shan

“I agree.” Segunda ng kapatid.

Nakatingin lang siya sa dalawa, half expecting that they will elaborate more. Other women he knew of are clean freak. Sa tanang buhay niya, ngayon lang siya nakarinig ng taong nagkakaroon ng dirty day, much more celebrating it.

“Puwedeng magtanong kung bakit kailangang magkaroon ng dirty day at hinihimok pa ninyo akong sumali sa kabaliwan ninyo?” Nagkusa na siyang magtanong dahil mukhang wala sa kilos ng mga ito na paliwanagan siya.

“Okey.” Presenta ni Shan. “I’m tired of being clean twenty- four hours a day in seven weeks. According to scientific study, too much cleanliness is bad for your health. So, para ma- balance ang lahat, I decided Saturday to be the best day to rest for being clean. Kumbaga day- off ko to sa sarili ko.”

“Napaniwala mo naman si Nyquole diyan sa katuwirang baluktot mo?”

“Hey, it’s not baluktot. My scientific basis ako. Kailangan din ng katawan natin ang bacteria from time to time.” Mariing depensa nito.



“Do you believe in this crap, sweetie?” hinging opinion niya sa kapatid, hoping she would say no.

“Naman na.” pati ekspresyon ni Shan kuhang-kuha na rin nito. “Gusto mo po ba ng evidence?”

Umarko ang kaniyang kilay bilang sagot.

“Cats don’t take a bath often. Well, look at them. Nakakita ka na bang pusa na sinisipon?”

Sinikap niyang huwag matawa sa sinabi nito. “Nope. But, you see Nyquole they are animals.”

“Kuya Nyq, you forgot that we, humans, belong to animals too.”

“I no longer know how to reason with you both.” Mahirap nga palang mangatuwiran sa isang bata na brainwash. Shannah is enough to deal with. Kung dadagdagan pa ng isang makulit at naghahanap ng makakalaro na bata, he’s doomed. He sighed with the thought.

“You can join us.” Nakangiting anyaya nito. Desperation is in her innocent eyes.

Well, what should a wise person do in situation like this? *If you can’t beat them, join them.* Ahh, that’s exactly he’ll do. Maybe this is fun.

## Chapter Eight

**TAHIMIK** na pinag-aaralan ni Shannah bawat kilos ni Nykuz. Gumagawa ito ng powerpoint presentation.

She is totally drawn in his charm. Kahit puro pretenses lang ang malambing na pakikitungo nito sa kaniya, hindi niya mapigilan ang sariling kiligin.

Sino ba ang hindi? Kung makadikit at makasuyo ito sa kaniya para bang walang kontratang namagitan sa kanila. And worst, kahit silang dalawa na lamang ang nagkakarilinan, ganoon pa rin ito.

Kung alam lang nito kung ilang sako ng pagpipigil sa sarili ang kaniyang ginawa para marendahan ang kaniyang traidor na katawan. Minsan, gusto na nga niyang makiusap na dahan-dahan lang ito sa pagiging sweet sa kaniya. Nasasanay na kasi siya. Baka hahanap- hanapin niya sakali mang... ahhh, ayaw na nga niyang isipin na papalapit na ang araw na iyon. She sighed.

“Shan?”

“Hmmm?” Bakit nga ba ang sarap- sarap pakinggan ang pangalan niya sa tuwing binabanggit nito? Huy, mighty brain, paki- explain.

“Kanina ko pa napapansin na ang tahi- tahimik mo tapos panay pa ang kunot ng noo mo. Something is bothering you?” may himig pag- alala sa boses nito.

*Yan, yan na nga ang sinasabi ko. Sa pinakikita nitong sobrang concern sa kaniya, nalalagay agad sa pagsubok ang kaniyang pobreng puso. Kasalukuyan niyang tinatapos ang final report na pinapagawa ni Nykuz. Patapos na ang kaniyang trabaho, so far, she’s still clueless with what’s the real score between them. Hindi ito puwede. She need to settle things down with him.*

Sa ikapapanatag niya at nilang dalawa.

“No, not really. I was just thinking, the days of my stay here is nearly over. Maaayos na ang lahat ng pinapagawa mo. Heidi is no longer bothering you.” *And I’m here wanting not just only your blackmailed girlfriend, but for real.*

“Yeah, and that’s thanks to you.”

Nadismaya siya sa sagot nito. Hindi madrowing ang kaniyang mukha na hinarap ito. Lisang mesa lang ang ginagamit nila. Hindi na mahirap sa kaniya ang gawin iyon.

“Wala ka na bang ibang sasabihin maliban doon? Salamat sa tulong. Ganun- ganoon lang?” naiiritang sabi niya.

“Your payment is not yet due till your report is over.” Walang kabuhay- buhay nitong sagot. Hindi man lamang siya nito hinarap. Todo paganda pa naman ang ginawa niya kanina.

*Ginoogle ko pa kanina ang hairstyle ko para lamang magpapansin sa iyo. Huwag mo akong dedmahin. Kakaasar ka na Nykuz, ha.*

“Alam nating pareho na hindi yun ang ibig kong sabihin.” Pilit na pinahahaba niya ang pasensiya.

Humalikipkip siya.

“Bulate ka!” Parang bullfrog na tumalon ang kaniyang puso.

Pagulat kasi na hinarap siya ni Nykuz. Gahibla ng buhok na lang pagitan ng noo nila.

“At ano ang ibig mong sabihin?” tuwid sa kaniyang mga matang tanong nito. Naliliyo siya sa pagkakatatig na iyon. She could feel the freshness and warmth in his breath.

Lumunok siya. *Shan, concentrate or else hindi mo makukuha ang sagot. Mind over matter. Mind over matter.* She chanted on her mind. “Ka- katulad nito.” Pinalakas niya ang kaniyang loob. “S- sabi mo kunwari lang na tayo. Pero bakit parang hindi.”

“Shan?” He touched her chin with his finger. She trembled.

“Hmmn?!” she murmured in whisper.

“You ask too much.” Sabi nito.

“That’s bec...” he gently claimed her lips the moment she opened it.

She frozed. Her whole body system stopped working. Kusang pumikit ang kaniyang mga mata na para bang may sarili itong isip na gawin iyon. He felt his one hand on her head and the other encircling her waist. On instinct, napayakap siya sa malapad nitong dibdib. She had no idea how to kiss yet her lips slowly move along his.

Napasinghap si Nykuz sa pagtugon niya. Nagulat siya. She can do that to mighty Nykuz?! Naengganyo siya. She copied the way he kisses her.

So, this’s what kisses are like. She felt like she didn’t want stop it at all. But Nykuz did stop. She breathlessly opened her eyes. Nykuz is out of breath also. Nagtatanong ang mga matang tiningnan ito.

He smiled shamelessly at her before answering her. “Did you get your answer?” he asked in a husky voice.

“Huh?” parang naliliyo pa ring tugon niya.

Sa kaniyang pangilalas, tawa ito ng tawa. The whole room echoed in his laughter.

“Dapat pala halikan ka ng halikan. Nakakalimutan mo ang pagiging madaldal.” Sabi nito sa pagitan abot- taingang tawa.

“Huh?” ulit niya.

He’s right. Nagiging slow na nga siya. Nagkamot siya ng ulo. Nag- focus sa sinabi nito. Tapos ng mapagtanto ang sagot, sinabayan niya ito sa pagtawa.

She really did got her answer. Nykuz also felt something for her. Nagbunyi ang kaniyang

puso.

“Are you sure?” hindi makapaniwalang tanong niya.

“Naman na!” panggagaya pa nito sa kaniyang ekspresyon.

*Shaks! Puwedeng- puwede na akong mamatay.*

“So,” nahihiyang sabi niya. “That means we are officially a man- woman thingy?”

“Ano sa palagay mo?”

“Talagang- talaga Nykuz?”

“Haist. Talagang- talaga Shan.”

Ayyy... Tili ng kaniyang puso. Sa sobrang tuwa, di sinasadyang nahampas niya ito sa dibdib.  
Napa- *ouch* si Nykuz.

“Sorry, sorry.” Natarantang hingi niya ng paumanhin.

“Nakikinikinita ko nang magiging battered husband ako rito?” umiingos na arte nito.

“Uy, over ka ha. Baka nga malulunod ka pa sa pagmamahal ko.”

“Paano mo gagawin yun? Sampol na man diyan.” Hinawi nito ang kaniyang bangs na tumatabon sa kaniyang mga mata. “Pagupitan mo na to. Panggulo lang. Hindi ko tuloy nasilayan ang magaganda mong mata.”

Pinaikot niya ang kaniyang mga mata. “Naman na. Nambobola ka na ata. Fashion- style ang tawag diyan. Ito yung tinatawag na blunt bangs.”

“Kahit ano pa ang tawag diyan, basta mas gusto kong makita ng buo ang itsura ng future wife ko.” Hinapit siya nito na kumandong sa kaniya. Super willing naman siyang gawin.

“Ang corny mo.”

“Kinikilig ka naman.”

“Hindi kaya. Kinikilabutan nga ako, e.” Pero ang totoo, mas gusto niya ang kakaornihan nito. So what, as long as nagkakaintindihan ang puso nilang dalawa, pak na yun. “Ano ang magiging tawagan natin?”

“Dapat bang may ganun pa?”

Ngumuso siya. “Siyempre naman. Since naumpisahan mo na lang din ang pagiging corny, itodo mo na.”

Humalakhak lang ito.

“Ano na nga ang magiging tawagan natin?” pangungulit niya.

“Sinasabi ko na nga ba na mas magiging makulit ka kapag sinabi kong nahulog na loob ko sa’yo.”

“Lambing yun. Ang makukulit, bagay lang iyon sa mga bata. Dalaga na ako. Eto nga e may boyfriend na.”

“Opo girlfriend.”

“Ang baduy kung girlfriend at boyfriend ang tawagan. Mag- isip ka pa. Gusto ko unusual. Yun bang para sa ating dalawa lang.”

“Shannah pati ba naman mga ganoon poproblemahin pa? Hindi ba pwede magkiss na lang tayo?”

“Magkiss forever? Baka magsawa tayo agad niyan sa isa’t isa.”

“Para malaman natin ang sagot, why don’t we try and start now?”

“Hindi ko alam na may pagkaagresibo ka pala. Fine! I’ll make a list kung ano magandang endearment natin. For the meantime, let’s do your suggestion.” Yumakap siya at inilapit ang mukha dito. “Say the magic words.”

Bumuntong hininga ito. “I love you Shannah Erin Magracia.”

“Kelan?” Their nose touch.

“Ewan ko. Siguro noong unang masilayan kita sa airport. Naagaw na ng atensiyon mo ang isip ko. Siguro dahil sa madalas mong pagsupalpal sa akin. Ikaw lang din ang babaeng hinayaang kontrolin ako. Basta hindi ko alam. Natotorpe lang akong magtapat. Siguro dahil we are just meant for each other. Kahit puso ko nabobo na rin. You know why?”

Umiling siya.

“Because my heart only knows how to beat- spell the name Shannah Erin Magracia. Wala ng iba.”

*Chos!* Abot langit ang kaniyang ngiti. “This now the part where we should kiss.”

“At long last. Akala ko hindi na tayo titigil sa kakadakdak.”

And they kissed passionately. Now, she can figure out what forever will do to them.

“... **yes**, Malco. Expect a call from me anytime this week. Matatapos na rin to. Uuwi rin ako promise.” Patlang. “Ano? Naku hinding- hindi ko iyon ipagpapalit kahit sa ano. Peksman!” Patlang. “Darating ako. Wala ka naman atang tiwala sa akin. Kelan ko ba hindi tinupad ang pangako ko.” Patlang. “Kasalan na kaya yan, bakit pa ako aatras. Love na love...”

Nykuz didn't mean to eavesdrop. Dinig na dinig niya ang malambing na usapan ni Shannah sa telepono. Hindi na niya tinapos ang pakikinig. He heard enough. Sa simula pa lang ng pakikinig niya, umasim na ang kaniyang sikmura.

So, all those time, Shannah is just playing a dangerous game between them. Kunwari lang pala na may gusto ito sa kaniya. Siya naman itong si tanga, sinakyan lahat ng pakulo nito.

He felt a stabbing pain in his heart.

*Sanay ka namang nasasaktan, anong pinagkaiba ngayon?*

He knew the answer. He fell for Shannah more than she felt for Heidi. Kung tutuusin, hindi nangalahati ang pain na naramdaman niya ngayon kesa noong sinabi ni Heidi na hindi na matutuloy ang kanilang kasal. He felt relieve back then rather than hurt.

He didn't even care less kung babalik pa ito. With Shannah, mas gugustohin niyang hindi na lang narinig ang pag-uusap nito at kung sino man ang herodes na iyon.

Padarag niyang sinarado ang pinto at tiim-bagang umalis. Hindi na niya nakita ang pagkabigla ni Shannah.

**“Good morning my B!”** masiglang bati ni Shannah kay Nykuz. B stands for ‘boyfriend.’ Siya naman ay si my G.

Halos napuyat siya sa kakalista sa buong magdamag kung ano ang magiging tawagan nila ni Nykuz. Mayroong sweet, honeybunch, honey, hon, ney, mee, dee, beh, bih at kung anu-ano pa. Sinubukan pa nga niyang i-google kung ano ang mga unusual endearments. Ang kaso, lahat nababaduyan siya. Hanggang sa tumilaok ang manok kinaumagahan, saka lang niya naisip ang B at G. No choice siya dahil hindi na kinaya ng powers ng talukap ng kaniyang mga mata ang another hour sa kakaisip.

Well, it doesn't sound good. But, doesn't sound bad either. Yun na lang ang kinaya ng kaniyang romantic side. Nykuz might have something in mind better than hers.

She felt ecstatic. Kahit ang mga kasambahay at magulang ni Nykuz ay napansin ang kaniyang blooming face. It's what she called ‘in love face.’

Nykuz on the other hand didn't have those same elated feelings she had. He ignored her greetings. Ni lingon o tango man lang ay wala.

She noticed how different he looked this morning. Somber and she could smell the faint odor of alcohol from him. He is still wearing the same shirt and pants from yesterday. He looked so damn messy.



*Lumaklak ba ng alak ito sa buong magdamag? What for? Celebrating their first official ongoing relationship? Without her? Meron bang ganoong uri ng celebration?*

Iwinaksi na lang ni Shannah ang mga katanungan sa isip.

“You’re so late.” Sita nito sa kaniya.

That was so harsh. She quickly ignored it and sweetly smiled instead. Inisip na lang niya na dahil sa sobrang hangover kaya marahil nagkakaganoon si Nykuz.

“I know. Napuyat kasi ako.” Gusto sana niyang lapitan si Nykuz at pawiin kung anuman ang hangover na nadarama nito. Pangamba at pagkailang ang pumigil sa kaniya na gawin ang nasa isipan.

“Saan? Sa kasalan?” malamig at sarkastiko nitong sabi. “Ang alam ko hindi pa tayo umaabot sa ganoon.”

“Who said something about marriage?” saang lupalop ba ng mundo ito dinala ng espiritu ng alak at kung anu- ano ang pinagsasabi nito.

“Huwag mo akong gawing tanga Shannah. Ngayon pang alam ko na ang lahat- lahat.” Nykuz said bitterly.

Naalarma siya. Nalito. “Anong pakulo na naman to Nykuz?” alanganin siyang ngumiti. Ganoon din ang ginawa ni Nykuz. “Nagpopropose ka ba sa akin sa ganitong paraan? Pauso mo?”

“Not in your brightest dream.” Malamig pa sa negative point thirty- eight degrees celcius na sabi ni Nykuz.

“Nykuz, hindi kita maintindihan.”

“Subukan mong paganahin yang modernized na utak mo para maintindihan mo ang simpleng mga bagay- bagay.”

Now that really hit the spot. “Ano bang nangyayari sa iyo. Anong pinagsasabi mo. I don’t get it. Sabihin mong nagbibiro ka lang. Huwag naman sana ganito. Nakakasakit na ang mga

sinasabi mo.” Napipinto nang kumawala ang luhang pinipigilan. Sana nga hindi nangyayari ang ganitong eksena sa pagitan nila ni Nykuz. Kahapon lang masaya sila. Hindi na ba puwedeng dugtongan ang kahapon at burahin ang katatapos lang nitong sinabi.

“I’m not the kind to crack jokes anytime. What I want you to do is leave. Here’s your salary and pack your things up. Kung hindi ka pa satisfied, sabihin mo lang dahil dadagdagan ko pa.”

Nasaktan ang puso niya sa sinabi nito. Hindi iyon ang inaasahan niyang marinig mula rito. “What we have agreed on is enough for me.” Malumanay na sagot niya. Not wanting him to notice that sadness in her voice.

“I know.” Wala sa loob na napabuntong hininga ito.

Nagtaka siya. “What’s that suppose to mean?”

“Shan I know that you are rich. Far richer than me. At kaya hindi mo kailangan ang malaking bayad dahil ang kakarampot na ibabayad ko sa’yo ay halos pagtatawanan lang ng allowance na tinatanggap mo buwan- buwan. Hindi ko rin alam kung ano pa ang ginagawa mo sa outdated na lugar na ito.”

She grasp a little sarcasm from his tone.

“I’m happy during my stay here.” Pagtatanggol niya sa sarili.

“Yeah, happy to play with us?! And soon babalik ka na rin sa dati mong buhay.”

“Nykuz hindi ko na itinuring na paglalaro ang ginawa ko rito. Saksi ka sa pagpapagal at pagpupuyat ko sa pagtulong sa iyo. Sa kabila ng lahat ng ginagawa ko, iyon pa ang maririnig ko sa iyo?” she loudly said in anguish. “Buong akala ko nagkakaintindihan na tayo. Na we are both fallen inlove with each other. Na posibleng magiging Mrs. Lamsen ako.”

“Stop it Shannah! You’re good in playing this game. Napaniwala mo ako. Pero hindi ko na hahayaan pa ang sarili ko na magpadala sa kaaretehan at kunwang kainosentihan mo.”

*Siya naglalaro? Damn it. I’m here because I’m in love with you. Hindi mo ba*

nararamdaman? Gusto sana niyang ipagsigawan ang tunay na nadarama. Ngunit baka lalo lang itong hindi maniniwala sa kaniya.

“Iyon din ang pinagtataka ko. Why are you here Shannah? Why do you insist on staying here kahit hindi ka bagay sa lugar namin?” He shoved every paper he’s holding on her face. “Ngayon mismo, ipapahatid kita sa airport. And FYI, you are not my type. Sinakyan ko lang bawat laro mo. I’m sick with you.”

Masakit ang paghampas ng bawat pahina sa kaniyang mukha. Hindi niya ininda iyon. Mas ininda niya ang bawat katagang lumabas sa bibig ni Nykuz. It’s literally crashing her. Marahang nag-uunahan sa pagtulo ang kaniyang mga luha.

Nagmanikluhod siya sa harap ni Nykuz. “Please tell me that you didn’t mean what you have just said.” Umaasa pa rin siyang mali ang pagkarinig niya sa mga sinabi nito.

Pero mukhang bato ang puso ng kaharap. Naiwan siyang tulala. Hindi niya alam kung saan at paano napunta ang kasisimula pa lang na magandang samahan nila ni Nykuz.

## Chapter Nine

“**NAKU** huwag na huwag magpapakita sa akin ang kamoteng gubat na iyon kung gusto pa niyang masilayan ang first generation na magmumula sa lahi niya. Kakatayin ko siya ng buhay. Pagpuputol- putulin ang small intestine niya na kahit maggots sa hukay ay hindi kayang sikmurain ang kaniyang katawan. Magpoprotesta ako kung bibigyan siya ng maayos na libing.” Nanggagalaiting hiyaw ni Sherry.

Masama ang loob nito dahil hindi na naman niya pinakiharapang mabuti ang inireto nitong lalaki. Sinubukan naman niyang maayos na i- entertain ang una nilang paghaharap. Ngunit ayaw lang niyang dayain ang sarili maski ang lalaki.

Magandang lalaki naman si Marcus. Maganda ang standing nito sa lipunan. Hindi lang talaga ito ang lalaking *pak* sa kaniya at kayang mag- mend ng kaniyang broken heart.

“Tigilan mo na iyan Sher.” Nailing na tawa niya sa verbal threat nito kay Nykuz.

“Anong tigilan.” Tumayo ito at nagbuga ng hangin. “Hindi ko siya titigilan hanggat hindi ko nakikita ang latay ng paghihiganti ko sa kaniya. Kung makakatakas lang ako sa kamay ng mga magulang ko at ni Malco,” ang huli nitong tinutukoy ay asawa nito. Kahit durog- durog pa ang puso niya noon, sinikap pa rin niyang dumalo sa kasal nito. “Susugurin ko siya kahit saang lupalop pa siya ng universe.”

“I know. Pero di ba nga kahit anong strategy ang gagawin mo hindi ka nila papayagan.”

“Ipapashoot to kill ko siya.” Ayaw talaga nitong tumigil. “Mayaman naman ako. Kayang-kaya kong bilhin ang kaluluwa ng kamoteng gubat na yun. Kahit mas yumaman pa siya ng husto.”

“Ginawa ko na yan. Hindi lang tinablan. On leave rin lahat ng hired hitman. Huwag mo na akong alalahanin. Ok na ok na ako.”

Hinilot nito ang sentido. Tiningnan siya nito ng masama. “Sabihin mo sa akin yan kapag nakikita kong may stable date ka na at hindi namamaga ang mga mata sa tuwing sumasapit ang

summer.”

“Sher dahan- dahan. Bawal sa iyo ang ma- stressed. Baka makunan ka.” Paalala niya sa kaibigan.

“Sinabi mo na yan sa akin noong two months pa lang tong dinadala ko. Kabuwanan ko na kaya hindi na uubra sa akin yan.”

“Baka ma- stress ang baby.”

“Matagal ng stress na stress sa iyo ang baby ko. Pakiusap Shan. Kalimutan mo na ang kamoteng gubat na iyon. It’s been two years. Time to move on.”

“Ginawa ko na rin yan. Wala lang din akong napala. Tinigilan ko na. Kailangan ko lang siguro ng mahabang panahon para maghilom. Di ba nga first love is hard to die.”

“Hindi naman sana problema yan kung hindi mo patuloy na pinaasa yang sarili mo. Sabi mo nga, wala kang idea kung bakit ang smooth relationship ninyo ay bigla na lang naging rough road. It started so fast and ended so soon ang peg ng love story ninyo.”

Yes. Dalawang taon na nga pala ang nakalipas when Nykuz dump her. Dumaan lang iyon na parang walang nangyari sa kaniyang buhay. Naging hungkag ang mga araw na dumaan sa kaniya. Monotonous na rin ang rutin ng kaniyang buhay. Kung dati, hindi siya mapakali sa iisang lugar, ngayon halos ayaw na niyang umalis kung saan siya umupo.

Tinanggap niya ang posisyong ibinigay ng kaniyang kuya Shem sa kanilang kompaniya. Maayos naman niyang ginampanan ang kaniyang trabaho. Iyon nga lang, wala na ang happiness.

“Nasaan na nga pala asawa mo? Kanina pa kita pinapasundo sa kaniya.”

“Tinawagan mo ang asawa ko?” parang pusang galit na sabi nito. Kulang na lang ay kalmutin siya nito.

“Natural. Anong gusto mong gawin ko? Hayaang lasunin ng kung anu- anong bad words ang baby mo habang dala- dala mo siya sa iyong sinapupunan.”

Magre- react pa sana ito kung hindi lamang narinig ang busina ng sasakyan ng asawa.

“Mag- uusap pa tayo Shannah. Kakausapin ko si Malco. I’m not going home.”

Pumunta siya ng bintana at kinawayan ang asawa ng kaibigan. Kumaway din ito bilang ganti.

“Come,” sigaw niya sa maliit na siwang ng bintana. “Get your wife here bago pa manganak ng di- oras.” Utos niya rito. Mahirap na baka mapahamak pa ang kaibigan dahil sa kakaisip nito ng solusyon sa nagkandaletse- letse niyang love life.

Mabilis pa sa alas- kuwatrong bumaba ito ng sasakyan.

Pinagbuksan niya ito ng pinto.

“What happened?” humahangos na bungad nito sa kaniya.

“Your dear wife is freaking out again.” Natawa siya sa kanilang situwasyon. Siya ang broken hearted pero kung umasta si Sherry parang ito ang iniwan sangkaterbang lalaki.

“Hindi kaya. Ang linaw linaw kaya na nag- uusap lang tayo.” Ingos nito. “Ikaw lang itong maarte diyan.”

“Ilayo mo nga sa akin ang babaeng yan. Nakukunsume ako sa kaniya. Ang ayos ng lagay ko tapos bigla na lang niya akong sesermonan.”

“Hindi ka maayos.” Mabilis na protesta nito.

“Sherry, honey,” malambing na tawag ni Malco sa kaibigan. Walang puknat naman si Sherry sa pagkaupo. Ayaw talaga nitong umuwi. “Sherry, hayaan na muna natin si Shannah sa pagpapakatandang dalaga niya.” Panunuyo nito sa asawa.

“Hindi ayoko.” Piksi nito. “Isa ka pa. Kung alam ko lang na magpapakatandang dalaga ang lukaret na to, dapat noon pa nilagyan na niya ng hands off ang noo nito para hindi na niya nakilala ang kamoteng gubat nay un. Ako ngayon ang mababaliw sa kakaisip kung sino ang lalaking irereto diyan.”

“Hon, we cannot teach our heart to choose who to love.” Madamdamin nitong paliwanag. Nakakarelate si Malco sa kaniya dahil naging saksi siya kung paano nabuo ang love story nito at ni Sherry.

“Sa tingin mo hindi ko yan alam? Hindi nga natin maturuan pero there are times na nakakahanap din ang wasak na puso ng someone and another else who knows how to fix a broken heart.” Katuwiran nito.

“Ginamit mo naman ang linya ng N’sync sa pangangatwiran mo.”

“Bakit? Bawal na ba? Kakasuhan mo ako ng plagiarism?”

Natutuwa siya sa takbo ng usapan ng dalawa. She remembered the first time she and Nykuz met. Ganoon din ang eksena nila noon. Nangilid ang kaniyang luha. There she is again. The memory of Nykuz kept on reminishing. Magsa- summer na kasi.

Natigil ang dalawa sa paghuhuntahan sa harap niya. Napansin marahil ang panood niya.

“S-shan.” Niyakap siya ni Sherry.

“Kayo talagang mga lalaki. Pahirap kayo sa buhay naming babae.” Duro nito sa asawa.

“Bakit ako nadamay rito?” reklamo nito.

“Dahil lalaki ka rin.” Singhal nito. Hinaplos- haplos nito ang kaniyang likod. “Malco, hindi ako uuwi hanggat hindi mo hina- hunting ang kamoteng gubat na iyon. Arhh...” impit na sigaw nito.

Kumalas siya sa pagkayakap dito. Nagpanic siya nang makita na hawak ng kaibigan ang tiyan nito. Namumuo ang malalaking butil ng pawis nito.

Namutla naman si Nykuz sa nakikitang kalagayan ng asawa. Nakatayo ito na para bang natuklaw ng ahas. Siniko niya ang pobreng lalaki.

“Mangangak na ang asawa mo. Huwag kang tatayo- tayo riyan.” Utos niya.

Nahimasmasan ito sa pagkabigla. Akmang bubuhatin nito ang asawa nang pigilan ito ni Sherry. Paika- ika itong umupo sa sofa. Nagulat ito. Siya man ay nagulat sa ginawi ni Sherry.

“Hon, please don’t do this to me. Let’s go to the hospital.” Nagsusumamo ang tinig nito.

“No. Not unless you promise me na hahanapin ang kamoteng gubat na iyon. Alamin mo ang dahilan kung bakit bigla na lang nitong iniwan sa pedestal si Shan at nang matahimik na ang mundo ko. Magkaalaman na ang lahat. Para talagang hindi na umasa ng umasa ang lukaret na to.” Pagmamatigas ni Sherry. Naiiyak siya. Kahit naghihirap na ito, siya pa rin ang iniisip nito.

Nasabi na ba niya kay Sherry na she love her so much more than a friend could give. She’s a treasure. Bihira ang makahanap ng tunay na kaibigan sa panahon ngayon.

“Magkaibigan nga kayo. Parehong matitigas ang ulo niyo. Fine!” itinaas nito ang kanang palad at sinimulang manumpa. “Sa ngalan ng pag- ire mo sa magiging first baby natin, hahanapin ko ang kamoteng gubat na iyon. Are you happy now? Can we go to the nearest hospital?”

Pilit na ngumiti ito kahit alam niyang nararamdaman na nito ang bugso ng pagiging motherhood nito. “S- sige. Buhatin mo na ako. Pumutok na ata ang bag of water ko.”

“What?!” Nataranta si Malco na dalhin si Sherry sa hospital. Sumunod siya at inalalayan ang dalawa.

Masayang Masaya siya sa itinakbo ng buhay ng kaibigan. Parang kalian lang na pareho silang very single and available. Same looking for Mr. right.

Sherry found her love match. She found hers too. Iyon nga lang, Sherry has happy ending. Sa kaniya, wala. As in nada.

Matapos ang maikling paghihiwalay nila ni Nykuz, nabalitaan na lamang niya na naging matagumpay ang research project nito. Nag- offer ng partnership ang isa sa malaking oil company ng bansa rito upang pangunahan ang project.

The seed came to be a good source of liquefied petroleum gas. Halos bumaba ng thirty percent ang presyo ng LPG dahil mas mura na ngayon ang raw materials nito. Salamat sa



pagpursige ni Nykuz.

Aside sa balitang mas lalong tumaas ang income tax return nito, wala na siyang ibang nasagap na pangyayari sa buhay nito.

Nagpakalulong siya sa trabaho. Iyong tipong parang wala ng bukas.

## **Chapter Ten**

**“WELCOME** to the world of complicated beings.” Pagwe- welcome ni Shannah kay Sherry Jaye-

ang beybing pinagbantaang hindi i- ire ng ina nito. Inilapit ng NICU nurse ang pinaka- cute na nilalang na nasilayan niya sa may salamin ng ward upang masilayan niya ng malapitan ang itsura nito.

“Manahin mo na kagandahan ng lahi natin, huwag lang kapraningan ng nanay mo, ha.” Masigla niyang kausap dito kahit batid niyang walang malay ito sa kaniyang pinagsasabi. Pinagpasalamat niya dahil naraos ng kaibigan na ipalabas ang bata na walang komplikasyon sa kalusugan.

Sabi ng nurse, maya- maya lang raw ay ihahatid na ang bata sa pribadong silid ng ina nito.

Kung nagkatuluyan kaya sila ni Nykuz, siguro meron na rin silang baby ngayon.

*Ahh... Nykuz na naman. Lagi ka na lang Nykuz ng Nykuz.* Piping maktol ng kaniyang isip. Kalimutan mo na yun. Tiyak kinalimutan ka na rin ng kamoteng gubat na iyon.

Natatawang napailing siya. Kuhang- kuha na niya ang tawag ni Sherry kay Nykuz.

“Tumatawa ka na namang mag- isa.” Sambit ng pamilyar na pamilyar na boses sa kaniyang sentimiyento.

Tumayo ang lahat ng balahibo niya sa katawan. Kahit iyong balahibo sa eherm niya ay nakiuso rin. Kahit nakapikit, siguradong- sigurado siya kung sino ang nagmamay- ari noon.

Napatda siya sa kinatatayuan. Hindi niya sinubukang lingunin ito.

*Weyweyweyt.* Napasobrahan na ata siya ng kakaisip kay Nykuz at nakakarinig na siya ng boses nito? Tinamaan ng lintik. *Baliw na ako. Qualified na akong maging border sa mental institution.*

Sinampal- sampal niya ang sarili. Hindi pa rin umobra. Kinurot niya ang tagiliran. *Ouch!*

“I’m real. Look for yourself.” patuloy ng boses.

She did a one eighty degree turn. Making sure na hindi siya nagha- hallucinate. Standing five meters away from her is Nykuz. Bahagyang putok ang kaliwang bahagi ng bibig nito. Kung

hindi lang siya keen observer, hindi mapapansin ang bahagyang panginitim ng palibot na mata nito. Maliban doon, he's still the same gorgeous man she ever seen. The man who kept on visiting in her dreams- tulog man siya o gising.

"N- Nykuz." Wala sa sariling sambit niya. Lumapit ito sa kaniya. Niyakap siya ng mariin. Muling nagbuhay ang pananabik na makulong sa bisig nito. Pero hindi niya magawang gantihan ang yakap nito.

"Naman Shannah. Bakit hindi mo sinabi sa akin? Bakit pinahirapan mo ako gayong wala naman akong dapat paghirapan." May hinanakit na sabi nito. "Wait. Sasabihin ko muna to. Hindi ko nabigyan ng chance ang sarili ko na i- voice out ito ganoon din ikaw ng chance para marinig mo. I love you Shannah. I really do." Madamdaming sabi nito. "Hindi ko na kakayanin kung another years pa ang lilipas bago ko ulit masabing mahal kita."

Binitiwang siya nito. Niyugyog siya sa magkabilang balikat. "Bakit ganiyan ang reaksiyon mo? Ang sabi ko mahal kita. Hindi mo man lang ba ako na- miss at kahit konting ganti sa yakap ko ay hindi mo magawa? Ako miss na miss na kita, baka akala mo."

"Paano ako gaganti ng yakap e, kinulong mo ang mga bisig ko tapos ngayon hawak mo pa ang balikat ko. Hindi ako makawala sa sobrang higpit."

"Hah? Ganoon ba?" niluwagan nito ang paghawak sa kaniya. "Sige ulitin natin." Niyakap siya nito na binigyan daan siya na makaganti rin ng yakap. Which she did not do.

Nagtataakang pinakawalan siya nitong muli.

"O bakit ayaw mo akong yakapin?"

Kung hindi lang niya inisip ang na may pinsala na ito sa mukha, baka tinadtad pa niya ito ng suntok. Mabilis niya itong iniwan sa gitna ng hall way ng naturang unit ng hospital.

"Hala, may nag- aaway na magsyota..." Narininig niya ang mahinang bulong- bulungan ng nakakita ng eksena nila ni Nykuz.

"**Shannah** Erin Magracia." Tawag ni Nykuz sa kaniya. Sa may parking lot na siya naabutan nito.

Humihingal ito. Hindi siya nito agad nahabol kanina dahil pasara na ang elevator. “Bakit mo ako iniwan ng basta ganoon na lang doon?” habol ang hiningang sambit nito.

Hindi siya sumagot. Akmang papasok na siya ng kaniyang red BMW nang iharang nito ang sarili sa pinto ng kotse. Padarag niya itong hinarap.

“What is wrong with you?”

“Wala.” Kimkim ang galit na sagot niya.

“Then why are you behaving like that?”

“Behaving like what?” ganting tanong niya. Hindi niya pansin na napataas na rin pala ang kaniyang boses. “Behaving like you’re not here?” lumabas na lahat ng hinanakit niya rito. “Nykuz, pinalayas mo ako sa bahay niyo na hindi alam ang tunay na dahilan. Nalilito ako. One moment, you act like you really love me. Then all of the sudden you treated me like a cheap nobody. Two years akong naghintay. Lahat ng mga kaibigan at pamilya ko nagfreak out na sa haba ng panahon ng paghihintay ko. Tapos ngayon, magpapakita ka sa akin, yayakapin ako sabihing mahal at nami-miss mo ako gayong taon pa ang pinalipas mo. Paano mo ako paniniwalain ngayon sa mga pinagsasabi mo?”

“I thought you were married.” Nasa tono ang matinding pagsisisi.

She was taken aback by his revelation.

“Married? To whom?”

“Buong akala ko ikakasal ka na kay Malco.”

“Damn!” tinampal niya ang kaniyang noo. “Tell me this is not really happening.” Naliliyo siya.

“I guess I deserved all the punches and verbal abuse that I received from your brother and Malco.” Iyon pala ang dahilan ng pamamaga ng itsura nito.

“At madadagdagan pa yan kung hindi mo ipapaliwanag ang lahat sa akin ngayon.”

Nagbabantang utos niya.

“The day after na magtapat ako sa iyo, hindi ko sinasadyang marinig ka na may kausap sa telepono. You sound so sweet back then. I was so jealous. Akala ko pinaglaruan mo lang ang damdamin ko. My mistake, hindi ko inantay na tapusin ang pag- uusap niyo. O di kaya, kinompronta na lang kita at deretsang tinanong. Hindi na sana tayo umabot sa ganito. Shan I’m really sorry. Please believe me kung sasabihin kong mahal na mahal kita.”

“You were saying na dahil lang sa maliit na insidenteng iyon kaya nasayang ang dalawang taon ng pagsasama sana natin?”

Tumango ito bilang pagsang- ayon. She swear. *Lokong buhay to.* Gumilid siya papunta ng likod ng kaniyang kotse.

“Where are you going?” takang tanong nito.

“Hahanapin ko lang iyong baseball bat dito na madalas kong dinadala. Asan na nga ba yun?” binusisi niya ang dating pinaglagyan niya nito.

“Shanniah naman. Katatapos ko lang magconfess ng undying love ko sa iyo. Hindi ba dapat sasagutin mo rin ako ng oo at hindi? But I prefer the first option kung sakali. Aanhin mo ba ang baseball bat?” tinulungan na rin siya nito sa paghahanap.

She found it. Pinagulong- gulong niya sa kaniyang palad ang handle nito.

“Tinatanong mo kung ano ang gagawin ko rito?” she smiled sweetly. “Papatayin na muna kita bago mo malalaman ang sagot. Yaahh...” sinugod niya ang nagulat na si Nykuz. Parang expert sa kung fu itong umilag bago pa tamaan ng baseball bat. Awtomatikong lumayo ito sa kaniya.

Hindi siya makapaniwala. Dahil lang sa maling akala kaya kapuwa sila nagdusa ng dalawang taon.

“Hindi ka ba tinuruan ng nanay mo na huwag makinig sa usapan ng may usapan. Yaahh...” She hissed while trying to hit him. Nakaiwas itong muli. “Paulit- ulit na lang na sinasabi na ang daming nagpatiwakal dahil sa maling akala. Hindi ka ba nadala.” Buong puwersa siyang

bumwelta. Hindi na ito umiwas. Hinablot nitoo ang hawak niyang baseball bat.

Umiyak siya sa tindi ng sama ng loob. Pinagbabayo niya ito sa dibdib. Hinayaan lang siya nito.

“Ang sama- sama mo.” Hindi maampat ang luhang sabi niya.

“Alam ko.”

Masuyo siya nitong niyakap.

“Galit ako sa’yo.”

“Galit din ako sa sarili ko.”

“Mahal pa rin kita.”

“Mahal... you do?”

“Naman.” Humihikbing sambit niya.

“Shan, pareho nating alam na hindi natin maiibalik ang dalawang taong nawala sa atin. Hindi ko maipapangako na magiging perfect ang pagsasama natin. Ang maipapangako ko lang, mamahalin kita sa paraang kaya ko. Tama na ang pa- tweetums natin. Pwede bang magkasal na tayo. Will you marry me?”

“Asan ang singsing?”

“Hindi na ako nag- aksaya pa ng panahon sa paghahanap ng engagement ring. Ang gusto kong isuot sa’yo ay wedding ring na. Nadala na ako sa engagement na yan. Dapat authentic marriage na para atin.”

*Ayos. Pareho pala tayo ng iniisip.* “Tara tawagan natin yung bestfriend ni Kuya Shem na nagkakasal. Suhulan natin at nang makasal tayo ora mismo.”

Then they both laugh at themselves.